
# Magparehistro upang Makaboto sa Iyong Estado sa Pamamagitan nitong Postcard Form at Gabay



## Para sa mga Mamamayan ng Estados Unidos

Numero ng Control ng OMB 3265-0015

# Pangkalahatang Mga Tagubilin

**Sino ang Makakagamit ng Aplikasyong ito**
Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos na naninirahan o may address sa loob ng Estados Unidos, maaari mong gamitin ang aplikasyon sa libritong ito:

- upang makaboto sa iyong Estado,
- I-ulat ang pagpapalit ng pangalan sa iyong tanggapan para sa rehistrasyon ng botante,
- I-ulat ang pagpapalit ng address sa iyong tanggapan para sa rehistrasyon ng botante, o
- Para maka-rehistro sa isang partidong pulitikal.

**Mga Eksepsyon**
Mangyari lamang na huwag gamitin ang aplikasyong ito kung ikaw ay nakatira sa labas ng Estados Unidos at mga teritoryo nito at walang (legal) na address ng tirahan sa bansang ito, o kung ikaw ay isang militar na nakadestino malayo sa iyong tirahan. Gamitin ang Federal Postcard Application na mula sa mga base militar, mga embahada ng Amerika, o mga tanggapan ng konsulado.

Tatanggapin ng mga kawani ng mga lungsod at bayan ng **New Hampshire** ang aplikasyong ito bilang isang kahilingan lamang para sa kanilang sariling dokumento para sa rehistrasyon ng botanteng hindi makakarating na maghuhulog ng balota sa koreo.
Ang **North Dakota** ay hindi magsasagawa ng rehistrasyon ng botante.
Hindi pinapahintulutan ayon sa batas ng **Wyoming** ang pagrehistro gamit ang koreo.

**Paano Malalaman Kung Ikaw ay Kuwalipikado Upang Makaboto sa Iyong Estado**
Ang bawat Estado ay mayroong mga batas ukol sa kung sinu-sino ang maaaring bumoto. Tingnan ang impormasyong nakatala sa ilalim ng iyong Estado sa Mga Tagubilin ng Estado. Hinihiling ng lahat ng mga Estado na ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos ayon sa kapanganakan o naturalisasyon upang makapagparehistro at makaboto sa mga halalang pederal at halalan ng estado. Ipinagbabawal ng Batas Pederal ang maling pag-aangkin ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos para magparehistro upang makaboto sa kahit na anong halalang pederal, ng estado, o panlokal. **Hindi** ka maaaring magparehistro para makaboto sa higit sa isang lugar at higit sa isang beses.

**Paano Kumpletuhin ang Aplikasyong Ito**
Gamiting pareho ang Mga Tagubilin sa Aplikasyon at Mga Tagubilin ng Estado bilang iyong gabay sa pagsusulat ng aplikasyon.

- Simula, basahin ang Mga Tagubilin ng Aplikasyon. Ang mga tagubiling ito ay magbibigay sa iyo ng mahahalagang impormasyon na nauukol sa lahat ng gumagamit ng aplikasyong ito.
- Sumunod, hanapin ang iyong Estado sa ilalim ng Mga Tagubilin ng Estado. Gamitin ang mga tagubiling ito upang punan ang mga Kahon 6 at 7. Sumangguni rin sa mga tagubilin na ito para sa impormasyong ukol sa botante at kahit na anong panunumpang hinihiling sa Kahon 9.
- **MANGYARI LAMANG NA IBIGAY ANG IYONG MGA KASAGUTAN SA INGLES.**

**Kailan dapat Magparehistro upang Makaboto**
Ang bawat Estado ay may sariling huling takdang araw para sa pagpaparehistro upang makaboto. Tingnan ang huling takdang araw para sa iyong Estado sa huling pahina ng libritong ito.

**Paano I-sumite ang Iyong Aplikasyon**
Ipadala sa koreo ang iyong aplikasyon sa address na nakalista sa ilalim ng iyong Estado sa Mga Tagubilin ng Estado. O, personal na dalhin ang aplikasyon sa iyong lokal na tanggapan ng rehistrasyon ng botante. Ang mga Estado na obligadong tanggapin ang pambansang form ay tatanggap ng mga kopya ng aplikasyon na nalimbag mula sa imahe ng computer sa karaniwang naka-imbak na dokumento, na nilagdaan ng aplikante, at inihulog sa koreo sa isang sobre na may wastong bayad sa selyo.

**Mga Botanteng mapasa-Unang Pagkakataong Nagrehistro sa Pamamagitan ng Koreo**
Kung ang aplikasyon ng rehistrasyon na ito ay ang iyong unang pagkakataong bumoto sa pamamagitan ng koreo, hinihiling mula sa iyo ng Batas Pederal na magpakita ng katibayan sa unang pagkakataon na ikaw ay bumoto. Katunayan ng pagkakakilanlan ay kinabibilangan ng:

- Isang kasalukuyang at balidong litrato ng pagkakakilanlan o
- Isang pangkasalukuyang kahilingan ng bayad serbisyong pampubliko (kuryente, tubig, gas), bank statement, tseke ng gobyerno, paycheck o dokumento ng gobyerno na ipinapakita ang iyong pangalan at address.

Maaari ligtas ang mga botante mula sa kahilingang ito kung sila ay mag-sumite ng isang **KOPYA** ng pagkakakilanlang ito boboto sa pamamagitan ng koreo. Kung nais mong mag-sumite ng **KOPYA**, mangyari lamang na tandaan ang mga sumusunod:

- Maaaring may mga karagdagang kahilingan para sa pagkakakilanlan ang iyong estado. At kakailanganing sa iyo na magpakita ng pagkakakilanlan sa botohan kahit na matugunan mo ang Pederal na katibayan ng pagkakakilanlan.
- Huwag i-sumite ang orihinal na mga dokumento kasama ng aplikasyon na ito, ngunit ang mga **KOPYA** lamang.

**Kung Ibinigay sa Iyo ang Aplikasyon na ito sa Tanggapan ng Estado o Himpilan ng Gobyerno**
Kung ibinigay sa iyo ang aplikasyon na ito sa isang ahensya ng Estado o himpilan ng gobyerno, nasasa-iyo ang desisyon na gamitin ang aplikasyon na ito. Kung mapagpasyahan mo na gamitin ang aplikasyon na ito upang makaboto, maaari mo itong punan at iwanan sa ahensya ng Estado o himpilan ng gobyerno. Isu-sumite ang aplikasyon para sa iyo. O, maaari mo itong ihulog sa koreo sa address na nakalista sa ilalim ng iyong Estado sa Mga Tagubilin ng Estado. Maaari mo rin itong dalhin upang ibigay ng personal sa iyong lokal na tanggapan para sa rehistrasyon ng botante.
Tandaan: Ang pangalan at lokasyon ng ahensya ng Estado o himpilan ng gobyerno kung saan mo natanggap ang aplikasyon ay mananatiling kompidensyal. Hindi ito ipapakita sa iyong aplikasyon. At, kung magpasya ka na huwag gamitin ang aplikasyon na ito upang makaboto, ang desisyon na iyon ay mananatiling kompidensyal. Hindi ito makaka-apekto sa serbisyong iyong matatanggap mula sa ahensya o himpilan.

# Mga Tagubilin sa Aplikasyon

Bago sulatan ang nilalaman ng form, mangyari lamang na sagutin ang mga katanungan sa itaas ng form kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos at kung ikaw ay may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang Araw ng Halalan. Kung ang iyong sagot ay hindi sa kahit na alin sa mga katanungan na ito, hindi mo maaaring gamitin ang form na ito upang makapagparehistro para makaboto. Gayunman, ang mga tiyak na tagubilin ng estado ay nagkakaloob ng karagdagang mga impormasyon para makaboto bago sumapit ng edad na 18.

**Kahon 1 — Pangalan**
Ilagay sa kahong ito ang iyong buong pangalan sa ganitong paraan ng pagkakasunod-sunod — Apelyido, Pangalan, Gitnang Pangalan. Huwag gumamit ng mga palayaw o inisyal.
*Tandaan:* Kung ang aplikasyong ito ay para sa isang pagpapalit ng pangalan, mangyari lamang na sabihin sa amin sa **Kahon A** (sa kalahati ng form) ang iyong buong pangalan bago mo ito baguhin.

**Kahon 2 — Address ng Tirahan**
Ilagay sa kahong ito ang address ng iyong tirahan (legal na address) Huwag ilagay ang iyong address pang-koreo kung ito ay iba sa iyong address ng tirahan. Huwag gumamit ng post office box o rural route na walang box number. Sumangguni sa mga tagubilin na tiyak sa estado para sa mga patakaran hinggil sa paggamit ng mga route number.

*Tandaan:* Kung ikaw ay nakarehistro dati ngunit ito ang unang pagkakataon na ikaw ay nagparehistro mula sa address sa Kahon 2, mangyari lamang na sabihin sa amin sa **Kahon B** (sa ibabang bahagi ng form) ang address kung saan ka nakarehistro dati. Mangyari lamang na ibigay sa amin ang lubos ng iyong makakayanang matandaan ukol sa address.

*Tandaan Din*: Kung ikaw ay nakatira sa isang rural na lugar ngunit walang address ng kalye, o wala kang address, mangyari lamang na ipakita sa amin kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng mapa sa Kahon C (sa ibaba ng form).

**Kahon 3 — Address Pang-Koreo**
Kung nakukuha mo ang iyong mga liham sa isang address na kaiba mula sa address sa Kahon 2, mangyari lamang na ilagay ang iyong address pang-koreo sa kahon na ito. Kung wala kang address sa Kahon 2, **kailangan** mong isulat sa Kahon 3 ang address kung saan maaaring makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng koreo.

**Kahon 4 — Petsa ng Kapanganakan**
Ilagay sa kahon na ito ang iyong petsa ng kapanganakan sa ganitong paraan ng pagkakasunod-sunod — Buwan, Araw, Taon. Mag-ingat at huwag gamitin ang petsa ngayon!

**Kahon 5 — Numero ng Telepono**
Ang karamihan sa mga Estado ay hihingi ng iyong numero ng telepono sa kaganapan na may mga katanungan tungkol sa iyong aplikasyon. Gayunman, **hindi** mo kailangan punan ang kahon na ito.

**Kahon 6 — Numero ng ID**
Hinihiling ng Batas Pederal na likumin ng mga estado mula sa bawat nagpaparehistro ang isang numero ng pagkakakilanlan. Kailangan mong sumangguni sa mga tagubilin na tiyak sa estado para sa ika-6 na bagay hinggil sa impormasyon kung aling numero ang tinatanggap sa iyong estado. Kung mayroon kang lisensya sa pagmamaneho o numerong pang- social security, mangyari lamang na ipahiwatig ito sa form at magtatalaga ng isang numero para sa iyo ang estado.

**Kahon 7 — Pagpili ng Partido**
Sa ilang mga Estado, kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido. Upang malaman kung hinihiling ito ng iyong Estado, tingnan ang ika-7 bagay sa tagubilin sa ilalim ng iyong Estado.

Kung nais mong magparehistro sa isang partido, i-print sa kahon ang buong pangalan ng partido na iyong pinipili.

Kung **hindi** mo nais na magparehistro sa isang partido, isulat ang "walang partido" o iwanang blangko ang kahon. **Huwag** isulat ang salitang "independiyente" kung ang nais mong sabihin ay "walang partido", dahil marahil na ikalilito ito sa pangalan ng partidong pulitikal sa iyong Estado.
*Tandaan:* Kung hindi ka magparehistro sa isang partido, maaari ka pa ring bumoto sa pangkalahatang halalan at walang pinapanigan (nonparty) na halalang primarya.

**Kahon 8 — Lahi o Grupong Etniko**
Ang ilang mga Estado ay humihingi ng iyong lahi o grupong etniko, para mapangasiwa ang Batas hinggil sa Karapatan sa Pagboboto ng Bansa (Federal Voting Rights Act). Upang malaman kung hinihiling ang impormasyong ito ng iyong Estado, tingnan ang ika-8 na bagay sa tagubilin sa ilalim ng iyong Estado. Kung gayon, ilagay sa Kahon 8 ang napiling pinakamainam para sa iyo mula sa listahan sa ibaba:

- American Indian o Katutubong Taga-Alaska
- Asyano o Pacific Islander
- Black, hindi nagmula sa Hispaniko Pinagmulan
- Hispaniko
- Iba't ibang mga lahi
- White, hindi nagmula sa Hispaniko Pinagmulan
- Iba pa

**Kahon 9 — Lagda**
Repasuhin ang impormasyon sa ika-9 na bagay sa mga tagubilin sa iyong Estado. Bago mo lagdaan o isulat ang iyong marka, tiyakin na:

(1) Natutugunan mo ang mga kahilingan ng iyong Estado, at
(2) Nauunawaan mo ang **lahat** ng nasa Kahon 9.

Bilang panghuli, ilagda ang iyong **buong** pangalan o ilagay ang iyong marka, at i-print ang petsa ngayong araw sa ganitong uri ng pagkakasunod-sunod — Buwan, Araw, Taon. Kung hindi makakayanang lumagda ng aplikante, ilagay sa **Kahon D** ang pangalan, address, at numero ng telepono (opsyonal) ng tao na tumulong sa aplikante.

# Voter Registration Application/Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante

**Before completing this form, review the General, Application, and State specific instructions.**
**Bago kumpletuhin ang form na ito, irepaso ang Pangkalahatan, Aplikasyon, at tiyak sa Estado na mga tagubilin.**
**PLEASE PROVIDE YOUR RESPONSES IN ENGLISH. / MANGYARI LAMANG NA IBIGAY ANG IYONG MGA KASAGUTAN SA INGLES.**

Are you a citizen of the United States of America? ☐
Ikaw ba ay isang mamamayan ng Estados Unidos? ☐

Will you be 18 years old on or before election day? ☐
Ikaw ba ay may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang araw ng halalan. ☐

**If you check "No" in response to either of these questions, do not complete form.**
**Kung nilagyan mo ng tsek ang "Hindi" bilang sagot sa alinman sa mga katanungan na ito, huwag kumpletuhin ang form.**

(Please see state-specific instructions for rules regarding eligibility to register prior to age 18.)
(Mangyari lamang na tingnan ang mga tiyak sa estado na mga tagubilin para sa mga patakaran hinggil sa bago sumapit sa edad na 18 taong gulang.)

This space for office use only. / Ang espasyo ito ay para sa gamit ng tanggapan lamang.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1** | | Last Name / Apelyido | First Name / Pangalan | Middle Name(s) / (Mga)Gitnang Pangalan | | |
| **2** | Home Address / Address ng Tirahan | Apt. or Lot # / Apt. o Lot # | City/Town / Lungsod/Bayan | State / Estado | Zip Code | |
| **3** | Address Where You Get Your Mail If Different From Above / Address Kung Saan Mo Natatanggap ang Iyong Mga Sulat Kung Iba Mula sa Itaas | | City/Town / Lungsod/Bayan | State / Estado | Zip Code | |

**4** Date of Birth/ Petsa ng Kapanganakan
___ / ___ / ___
Month / Buwan Day / Araw Year / Taon

**5** Telephone Number (optional) / Numero ng Telepono (opsyonal)

**6** ID Number (See Item 6 in the instructions for your state) / Numero ng ID (Tingnan ang Ika-6 na Bagay sa mga tagubilin para sa iyong estado)

**7** Choice of Party (see item 7 in the instructions for your State) / Pinipiling Partido (tingnan ang Ika-7 na bagay sa mga tagubilin para sa iyong estado)

**8** Race or Ethnic Group (see item 8 in the instructions for your State) / Lahi o Grupong Etniko (tingnan ang Ika-8 na bagay sa mga tagubilin para sa iyong Estado)

**9** I have reviewed my state's instructions and I swear/affirm that: /
Aking narepaso ang mga tagubilin ng aking estado at aking isinusumpa/pinapatotohanan na:

- I am a United States citizen / Ako ay isang mamamayan ng Estados Unidos
- I meet the eligibility requirements of my state and subscribe to any oath required. / Natutugunan ko ang mga hinihiling kwalipikasyong at sa pumapatnubay ako kahit na anong panunumpa na kinakailangan.
- The information I have provided is true to the best of my knowledge under penalty of perjury. If I have provided false information, I may be fined, imprisoned, or (if not a U.S. citizen) deported from or refused entry to the United States. / Ang impormasyon na aking ipinagkaloob ay totoo sa lubos ng aking kaalaman sa ilalim ng kaparusahan ng panunumpang huwad. Kung ako ay nagkaloob ng hindi totoong impormasyon, ako ay maaring patawan ng multa, pagkakakulong, o (kung hindi mamamayan ng Estados Unidos) pagbabalik sa bansang pinanggalingan mula sa o tatanggihan ng pagpasok sa Estados Unidos.

Please sign full name (or put mark) / Mangyari lamang na ilagda ang buong pangalan (o lagyan ng marka) ▲

Date / Petsa: ___ / ___ / ___
Month /Buwan Day / Araw Year / Taon

**If you are registering to vote for the first time:** please refer to the application instructions for information on submitting copies of valid identification documents with this form.
**Kung ikaw ay nagpaparehistro para makaboto sa unang pagkakataon:** mangyari lamang na sumangguni sa mga tagubilin sa aplikasyon para sa impormasyon sa pagsusumite ng mga kopya ng balidong dokumento ng pagkakakilanlan kasama ng form na ito.

## *Please fill out the sections below if they apply to you.*
## *Mangyari lamang na sulatan ang mga seksyon sa ibaba kung ang mga ito ay naaangkop sa iyo.*

If this application is for a **change of name**, what was your name before you changed it? / Kung ang aplikasyon na ito ay para sa **pagpapalit ng pangalan**, ano ang iyong pangalan bago mo ito palitan.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A** | | Last Name / Apelyido | First Name / Pangalan | Middle Name(s) / (Mga)Gitnang Pangalan | |


If you were **registered before but this is the first time you are registering from the address in Box 2**, what was your address where you were registered before?
Kung ikaw ay **nakarehistro dati ngunit ito ang unang pagkakataon na ikaw ay nagparehistro mula sa address sa Kahon 2**, ano ang address kung saan ka nakarehistro dati?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B** | Street (or route and box number) / Kalye (o route at box numer) | Apt. or Lot # / Apt. o Lot # | City/Town/County / Lungsod/Bayan/County | State / Estado | Zip Code |

If you live in a rural area but do not have a street number, or if you have no address, please show on the map where you live.
Kung ikaw ay nakatira sa isang rural na lugar ngunit walang numero ang kalye, o wala kang address, mangyari lamang na ipakita sa amin kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng mapa.

**C**

- Write in the names of the crossroads (or streets) nearest to where you live. / Isulat ang mga pangalan ng kanto (o kalye) na pinakamalapit kung saan ka nakatira.
- Draw an X to show where you live. / Sulatan ng X upang ipakita kung saan ka nakatira.
- Use a dot to show any schools, churches, stores, or other landmarks near where you live, and write the name of the landmark. / Gumamit ng tuldok upang ipakita ang kahit na anong mga paaralan, mga simbahan, mga tindahan, o iba pang mga palatandaan kung saan ka nakatira, at isulat ang pangalan ng palatandaan.




**NORTH / HILAGA** ↑

If the applicant is unable to sign, who helped the applicant fill out this application? Give name, address and phone number (phone number optional).
Kung hindi makakalagda ang aplikante,sino ang tumulong sa aplikante na sulatan ang aplikasyon na ito? Ibigay ang pangalan, address at numero ng telepono (opsyonal ang numero ng telepono).

**D**

## Mail this application to the address provided for your State.
## Ihulog sa koreo ang aplikasyon na ito sa address na ipinagkaloob para sa iyong Estado.

## FOR OFFICIAL USE ONLY PARA SA OPISYAL NA GAMIT LAMANG

FIRST CLASS STAMP NECESSARY FOR MAILING

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

Numero ng Control ng OMB 3265-0015

# Voter Registration Application/Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante

**Before completing this form, review the General, Application, and State specific instructions.**
**Bago kumpletuhin ang form na ito, irepaso ang Pangkalahatan, Aplikasyon, at tiyak sa Estado na mga tagubilin.**
**PLEASE PROVIDE YOUR RESPONSES IN ENGLISH. / MANGYARI LAMANG NA IBIGAY ANG IYONG MGA KASAGUTAN SA INGLES.**

Are you a citizen of the United States of America? / Ikaw ba ay isang mamamayan ng Estados Unidos? ☐ Yes / Oo ☐ No / Hindi

Will you be 18 years old on or before election day? / Ikaw ba ay may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang araw ng halalan. ☐ Yes / Oo ☐ No / Hindi

**If you check "No" in response to either of these questions, do not complete form.**
**Kung nilagyan mo ng tsek ang "Hindi" bilang sagot sa kahit alin sa mga katanungan na ito, huwag kumpletuhin ang form.**

(Please see state-specific instructions for rules regarding eligibility to register prior to age 18.)
(Mangyari lamang na tingnan ang mga tiyak sa estado na mga tagubilin para sa mga patakaran hinggil sa bago sumapit sa edad na 18 taong gulang.)

This space for office use only. / Ang espasyo ito ay para sa gamit ng tanggapan lamang.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1** | (Circle one) / (Bilugan ang isa) Mr. / G. Mrs. / Gng. Miss / Binibining Ms. / Bb. | Last Name / Apelyido | First Name / Pangalan | Middle Name(s) / (Mga)Gitnang Pangalan | (Circle one) / (Bilugan ang isa) Jr Sr II III IV |
| **2** | Home Address / Address ng Tirahan | Apt. or Lot # / Apt. o Lot # | City/Town / Lungsod/Bayan | State / Estado | Zip Code |
| **3** | Address Where You Get Your Mail If Different From Above / Address Kung Saan Mo Natatanggap ang Iyong Mga Sulat Kung Iba Mula sa Itaas | | City/Town / Lungsod/Bayan | State / Estado | Zip Code |

**4** Date of Birth/ Petsa ng Kapanganakan ___ / ___ / ___ Month / Buwan Day / Araw Year / Taon

**5** Telephone Number (optional) / Numero ng Telepono (opsyonal)

**6** ID Number (See Item 6 in the instructions for your state) / Numero ng ID (Tingnan ang Ika-6 na Bagay sa mga tagubilin para sa iyong estado)

**7** Choice of Party (see item 7 in the instructions for your State) / Pinipiling Partido (tingnan ang Ika-7 na bagay sa mga tagubilin para sa iyong estado)

**8** Race or Ethnic Group (see item 8 in the instructions for your State) / Lahi o Grupong Etniko (tingnan ang Ika-8 na bagay sa mga tagubilin para sa iyong Estado)

**9** I have reviewed my state's instructions and I swear/affirm that: / Aking narepaso ang mga tagubilin ng aking estado at aking isinusumpa/pinapatotohanan na:

- I am a United States citizen / Ako ay isang mamamayan ng Estados Unidos
- I meet the eligibility requirements of my state and subscribe to any oath required. / Natutugunan ko ang mga hinihiling kwalipikasyong at sa pumapatnubay ako kahit na anong panunumpa na kinakailangan.
- The information I have provided is true to the best of my knowledge under penalty of perjury. If I have provided false information, I may be fined, imprisoned, or (if not a U.S. citizen) deported from or refused entry to the United States. / Ang impormasyon na aking ipinagkaloob ay totoo sa lubos ng aking kaalaman sa ilalim ng kaparusahan ng panunumpang huwad. Kung ako ay nagkaloob ng hindi totoong impormasyon, ako ay maaring patawan ng multa, pagkakakulong, o (kung hindi mamamayan ng Estados Unidos) pagbabalik sa bansang pinanggalingan mula sa o tatanggihan ng pagpasok sa Estados Unidos.

Please sign full name (or put mark) / Mangyari lamang na ilagda ang buong pangalan (o lagyan ng marka) ▲

Date / Petsa: ___ / ___ / ___ Month /Buwan Day / Araw Year / Taon

**If you are registering to vote for the first time:** please refer to the application instructions for information on submitting copies of valid identification documents with this form.
**Kung ikaw ay nagpaparehistro para makaboto sa unang pagkakataon:** mangyari lamang na sumangguni sa mga tagubilin sa aplikasyon para sa impormasyon sa pagsusumite ng mga kopya ng balidong dokumento ng pagkakakilanlan kasama ng form na ito.

## *Please fill out the sections below if they apply to you.*
## *Mangyari lamang na sulatan ang mga seksyon sa ibaba kung ang mga ito ay naaangkop sa iyo.*

If this application is for a **change of name**, what was your name before you changed it? / Kung ang aplikasyon na ito ay para sa **pagpapalit ng pangalan**, ano ang iyong pangalan bago mo ito palitan.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A** | Mr. / G. Mrs. / Gng. Miss / Binibining Ms. / Bb. | Last Name / Apelyido | First Name / Pangalan | Middle Name(s) / (Mga)Gitnang Pangalan | (Circle one) / (Bilugan ang isa) Jr Sr II III IV |


If you were **registered before but this is the first time you are registering from the address in Box 2**, what was your address where you were registered before?
Kung ikaw ay **nakarehistro dati ngunit ito ang unang pagkakataon na ikaw ay nagparehistro mula sa address sa Kahon 2**, ano ang address kung saan ka nakarehistro dati?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B** | Street (or route and box number) / Kalye (o route at box numer) | Apt. or Lot # / Apt. o Lot # | City/Town/County / Lungsod/Bayan/County | State / Estado | Zip Code |


If you live in a rural area but do not have a street number, or if you have no address, please show on the map where you live.
Kung ikaw ay nakatira sa isang rural na lugar ngunit walang numero ang kalye, o wala kang address, mangyari lamang na ipakita sa amin kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng mapa.

**C**

- Write in the names of the crossroads (or streets) nearest to where you live. / Isulat ang mga pangalan ng kanto (o kalye) na pinakamalapit kung saan ka nakatira.
- Draw an X to show where you live. / Sulatan ng X upang ipakita kung saan ka nakatira.
- Use a dot to show any schools, churches, stores, or other landmarks near where you live, and write the name of the landmark. / Gumamit ng tuldok upang ipakita ang kahit na anong mga paaralan, mga simbahan, mga tindahan, o iba pang mga palatandaan kung saan ka nakatira, at isulat ang pangalan ng palatandaan.




NORTH / HILAGA ↑



If the applicant is unable to sign, who helped the applicant fill out this application? Give name, address and phone number (phone number optional).
Kung hindi makakalagda ang aplikante,sino ang tumulong sa aplikante na sulatan ang aplikasyon na ito? Ibigay ang pangalan, address at numero ng telepono (opsyonal ang numero ng telepono).

**D**

**Mail this application to the address provided for your State.**
**Ihulog sa koreo ang aplikasyon na ito sa address na ipinagkaloob para sa iyong Estado.**

## FOR OFFICIAL USE ONLY SÓLO PARA USO OFICIAL

FIRST CLASS STAMP NECESSARY FOR MAILING

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

# Mga Tagubilin ng Estado

## Alabama

**Pinabago: 08-31-2018**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —**Ang pagpaparehistro ng botante ay sarado na labing-apat na araw bago ang isang halalan. Ang lahat ng mga aplikasyon ay dapat na may selyo ng koreo o naipadala bago sumapit ang labing limang araw bago ang isang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kung mayroon ka, kailangan mong ibigay ang numero ng iyong driver's license sa Alabama o numero ng non driver identification card sa Alabama. Kung wala kang driver's license sa Alabama o non driver identification card sa Alabama, kailangan mong ibigay ang huling 4 na numero ng iyong Social Security. Kung hindi ka nabigyan ng alinman sa mga numerong ito, kailangan mong isulat ang salita "NONE" ("WALA") at bibigyan ka ng bukod tanging identifier.
**7. Pinipiling Partido.** Opsyonal: Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hinihiling mula sa iyo na sulatan ang kahon na ito; gayunman, ang iyong aplikasyon ay hindi tatanggihan kung nabigo mo itong gawin. Tingnan ang listahan ng mga mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Alabama, kailangan na ikaw ay:
- isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Alabama at ng iyong county sa panahon ng pagpaparehistro
- may edad na 18 taong gulang bago sumapit ang anumang halalan
- hindi pa nahatulan ng anumang krimen na kinasasangkutan ng maramihang kahiya-hiyang kasamaan (o naipanumbalik na ang iyong mga karapatan bilang mamamayan o karapatang politikal) Ang listahan ng moral na kasamaan na labag sa batas ay handang makuha sa website ng Secretary of State sa: sos.alabama.gov/mtfelonies
- hindi kasalukuyang ipinapahayag na may kakulangang pangkaisipan sa pamamagitan ng isang paglilitis sa kakayahan.
- manumpa o patotohanan na "suportahan at ipaglaban ang Konstitusyon ng Estados Unidos at Estado ng Alabama, at lubos na itatwa ang kahit na anong paniniwala o pagkakaanib sa kahit na anong grupo na nagtataguyod ng pagtataob sa mga pamahalaan ng Estados Unidos o ng Estado ng Alabama sa pamamagitan ng mga labag sa batas na pamamaraan at ang mga impormasyon na nilalaman dito ay totoo, sa tulong ng Panginoong Maykapal"

**Address Pang-Koreo:**
Office of the Secretary of State
P.O. Box 5616
Montgomery, AL 36103-5616

## Alaska

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.**Kailangan mong magkaloob ng isa sa mga sumusunod na mga numero ng pagkakakilanlan; ang Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Alaska o Card ng Pagkakakilanlan sa Estado ng Alaska. Kung wala kang Lisensya sa Pagmamaneho sa Alaska o Card ng Pagkakakilanlan sa Estado ng Alaska, kailangan mong ipagkaloob ang huling apat na mga numero ng iyong Numero ng Social Security. Kung wala ka ng kahit na alin sa mga numero ng pagkakakilanlan na ito, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga sa iyo para sa layunin ng rehistrasyon ng botante. Ang impormasyon na ito ay pinananatiling kompidensyal. Ang pagkakaroon ng impormasyon na ito ay tumutulong sa pagtatabi ng iyong talaan ng botante at maaaring makatulong sa pagpapatotoo ng iyong pagkakakilanlan (Titulo 15 ng Mga Itinatag na Batas ng Alaska).
**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang ipahiwatig ang isang kinaaaniban na partido kapag nagpaparehistro upang makaboto. Kung hindi ka pumili ng isang partido, ikaw ay irerehistro bilang Walang ipinahayag. Ang Alaska ay mayroong saradong halalang primarya na sistema. Ang bawat nakilalang partidong pulitikal ay mayroong nakahiwalay na balota na inililista lamang ang mga kandidato mula sa isang partidong pulitikal. Ang mga botante na nakarehistro bilang isang miyembro ng partidong pulitikal ay maaari lamang bumoto sa balota ng partido. Ang mga botanteng nakarehistro bilang walang ipinahayag o walang kinikilingan ay maaaring pumili ng isang balota lamang mula sa mga handang magamit na balota.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Alaska, kailangan mong:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- may edad na kahit man lamang 18 taong gulang sa loob ng 90 araw ng pagkukumpleto ng rehistrasyon na ito.
- isang mamamayan ng Alaska
- hindi maging isang nasentensyahang taong lumabag sa batas (maliban kung walang kundisyon na pinakawalan)
- hindi nakarehistro upang makaboto sa ibang Estado

**Address Pang-Koreo:**
Division of Elections
State of Alaska
PO Box 110017
Juneau, AK 99811-0017

## Arizona

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —**29 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong nakumpletong form sa rehistrasyon ng botante ay dapat na maglaman ng numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa Arizona, o hindi ipinapangasiwa na lisensya ng pagkakakilanlan na ipinalabas ng alinsunod sa A.R.S. § 28-3165, kung ang lisensya ay pangkasalukuyan at balido. Kung ikaw ay walang pangkasalukuyan

at balidong lisensya sa pagmamaneho sa Arizona o hindi ipinapangasiwa na lisensya ng pagkakakilanlan, kailangan mong isama ang huling apat na mga numero ng iyong numero ng social security kung may ipinalabas sa iyo. Kung ikaw ay walang pangkasalukuyan at balidong lisensya sa pangmaneho o hindi ipinapangasiwa na lisensya ng pagkakakilanlan o isang numero ng social security, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Kalihim ng Estado.

**7. Pinipiling Partido.** Kung ikaw ay nakarehistro sa isang partidong pulitikal na kwalipikado para sa pagkikilala ng balota, ikaw ay papahintulutan na bumoto para sa halalang primarya para sa partidong iyon. Kung ikaw ay nakarehistro bilang isang independyente, walang piniling partido o bilang isang miyembro ng isang partido na hindi kuwalipikado para sa pagkikilala ng balota, maaari kang pumili at bumoto ng isang balota para sa halalang primarya para sa isa sa mga nakilalang partidong pulitikal.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Arizona, kailangan na ikaw ay:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang mamamayan ng Arizona at ng iyong county na kahit man lamang 29 araw bago ang sumunod na halalan.
- maging 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na pangkalahatang halalan
- hindi nasentensyahan para sa pagtataksil sa bayan o isang paglalabag sa batas (o naipanumbalik ang iyong mga karapatang pantao)
- hindi kasalukuyang nadeklara bilang isang taong walang kakayahan ayon sa korte ng batas

**Address Pang-Koreo:**

Secretary of State/Elections
1700 W. Washington, 7th Floor
Phoenix, AZ 85007-2888

## Arkansas

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante ay dapat na naglalaman ng iyong numero ng lisensya sa pangmaneho na ipinalabas ng estado o hindi ipinapangasiwa na numero ng pagkakakilanlan. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o hindi ipinapangasiwa na pagkakakilanlan, kailangan mong isama ang huling apat na mga numero ng iyong numero sa social security. Kung ikaw ay walang lisensya sa pangmaneho o hindi ipinapangasiwa na pagkakakilanlan o numero sa social security, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Kalihim ng Estado.

**7. Pinipiling Partido.** Opsyonal: Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Arkansas, kailangan mong:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- nakatira sa Arkansas sa address sa Kahon 2 ng aplikasyon
- may kahit man lamang 18 taong gulang bago sumapit ang sumunod na halalan
- hindi isang nasentensyahang lumabag sa batas (o ay ganap na pinakawalan mula sa iyong sentensya o napatawad)
- hindi umangkin sa karapatan na bumoto sa iba pang hurisdiksyon
- hindi dating nahusgahan bilang walang kakayahang pangkaisipan ng isang korte na may legal na hurisdiksyon

**Address Pang-Koreo:**

Secretary of State
Voter Services
P.O. Box 8111
Little Rock, AR 72203-8111

## California

**Pinabago: 10-10-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —**15 araw bago ang eleksyon; may kondisyon na pagpaparehistro ng botante ng hanggang at kasama ang Araw ng Halalan.

**6. Numero ng ID.** Kapag ikaw ay nagparehistro upang makaboto, kailangan mong ipagkaloob ang iyong lisensya sa pagmaneho sa California o card ng pagkakakilanlan sa California na numero, kung mayroon ka nito. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o ID card, kailangan mong ipagkaloob ang huling apat na mga numero ng iyong numero sa social security o Social Security Number (SSN). Kung hindi mo isama ang impormasyong it, hihilingin mula sa iyo na magbigay ng ID kapag ikaw ay bumoto kung unang pagkakataon mo pa lang na bumoto sa isang pederal na eleksyon.

**7. Pinipiling Partido.** Kung nais mong pumili ng nais na partido, mangyari lang ilagay ang pangalan ng partidong political. Kung hindi mo nais na pumili ng partidong political, ilagay ang "Walang Nais na Partido" o pinili ang isang di kuwalipikadong partidong political para maiboto sa primaryang halalan para sa presidente ng anumang kuwalipikadon political na partido na nagsumite ng isang abiso sa Kalihim ng Estado na nagpapahintulot sa kanilang gawin ito. Maaari kang tumawag sa 1-800-345-VOTE o bumisita sa [www.sos.ca.gov](http://www.sos.ca.gov) upang matutunan kung aling mga partidong pulitikal ang nagpapahintulot na mga walang kinaaaniban na botante upang sumali sa kanilang presidensyal na primaryang halalan.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa California, kailangan na ikaw ay:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang residente ng California
- hindi mas bata sa 16 taong gulang, pero dapat ay 18 taong gulang o mas matanda pa sa petsa ng eleksyon kung saan mo nilalayong bumoto.

- di kasalukuyang nasa bilangguan ng estado o pederal para sa isang sentensya ng paglalabag sa batas
- di naipahayag na may kakulangan pangkaisipan upang makaboto ng isang korte

Kinailangan ang lagda. Kung nakakatugon ka sa mga kahilingang nakalista sa itaas, mangyari lang lagdaan at lagyan ng petsa ang kard ng rehistrasyon sa inilaang espasyo.

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street, 5th Floor
Sacramento, CA 95814

## Colorado

**Pinabago: 01-08-2024**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Maaari kayong magparehistro ng hanggang, at sa, Araw ng Halalan. Kailangan mong magparehistro ng 8 araw o higit pa bago ang araw ng halalan para maipadala sa iyo sa koreo ang iyong balota. Kung ikaw ay magparehistro ng mas kaunti sa 8 araw bago ang araw ng halalan, kailangan mong magpakita nang personal sa county kung saan ka boboto.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong kumpletong form ng rehistrasyon ay kinakailangang mayroong state issued driver's license number o identification number. Kung wala kang driver's license o state issued identification, kailangan mong ilagay ang huling apat na numero ng iyong social security number. Kung wala kang driver's license o state issued identification o social security number, mangyaring isulat ang "NONE" sa form. Isang natatanging identifying number ang itatalaga ng Estado.
**7. Pinipiling Partido.** Maaari kang magparehistro sa isang partido. Kung iwanan mong blangko ang seksyon na ito ay hindi ka marerehistro sa anumang partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Colorado, kailangan na ikaw ay::
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang residente ng Colorado ng kahit man lang 22 araw bago ang Halalan kung saan mo nilalayon na bumoto
- dapat ay kahit man lang 16 taong gulang, pero kailangan na maging 18 taong gulang o mas matanda pa sa petsa ng halalan kung kailan nilalayon mong bumoto
- hindi nagsisilbi ng sentensya para sa felony conviction

**Address Pang-Koreo:**
Colorado Secretary of State
1700 Broadway, Suite 550
Denver, Colorado 80290

## Connecticut

**Pinabago: 09-03-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** namarkahan ng koreo ng pitong (7) araw bago ang halalan; namarkahan ng koreo ng limang (5) araw bago ang primaryang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang Numero ng Lisensya sa pagmamaneho sa Connecticut, o kung wala, ang huling apat na numero ng iyong Numero ng Social Security,
**7. Pinipiling Partido.** Ito ay opsyonal, pero kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Connecticut, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang naninirahan sa Connecticut at ng bayan kung saan mo nais bumoto
- may edad na 17 taong gulang. Ang mga 17 taong gulang
- nakapagkumpleto sa pagkakakulong at parole kung dating nasentensyahan sa isang paglalabag sa batas, at naipanumbalik ang iyong mga karapatan sa pagboto ng Tagapagrehistro ng Mga Botante.
- hindi kasalukuyang napahayag bilang walang kakayahan na bumoto ng isang korte ng batas

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of the State of Connecticut
Elections Division
P.O. Box 150470
Hartford, CT 06115-0470

## Delaware

**Pinabago: 04-18-2018**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang ika-4 na Sabado bago sumapit ang primarya o pangkalahatang halalan, at 10 araw bago ang isang espesyal na halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante ay dapat na naglalaman ng iyong numero ng lisensya sa pangmaneho na ipinalabas ng estado o hindi ipinapangasiwa na numero ng pagkakakilanlan. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o hindi ipinapangasiwa na pagkakakilanlan, kailangan mong isama ang huling apat na mga numero ng iyong numero sa social security. Kung ikaw ay walang lisensya sa pangmaneho o hindi ipinapangasiwa na pagkakakilanlan o numero sa social security, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Kalihim ng Estado.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Maaari kang magparehistro para makaboto sa Delaware kung ikaw ay:
- isang mamamayan ng Estados Unidos, AT
- isang residente ng Delaware; (ang Delaware ang inyong tirahan), AT

• may 18 taong gulang na edad sa pagsapit o bago ang petsa ng susunod na Pangkalahatang Halalan.
• Hindi ka maaaring magparehistro para makaboto sa Delaware kung ikaw ay:
• nahusgahan bilang walang kakayahang pangkaisipan. Ang nahusgahan bilang walang kakayahang pangkaisipan ay tumutukoy sa isang tiyak na pagtutuklas sa isang "judicial guardianship" o katumbas nitong paglilitis, batay sa malinaw at nakakombinseng katibayan na ang indibiduwal ay may matinding cognitive impairment na pinipigilan ang pagpapatupad ng simpleng pagpapasya sa pagboto; O
• dating nasentensyahan sa isang paglalabag sa batas at hindi pa nakumpleto ang iyong sentensya, O
• nasentensyahan ng isang di kuwalipikadong * paglalabag sa batas at hindi nabigyan ng pagpapatawad sa sala.

*Listahan ng Mga Hindi Kuwalipikadong Paglalabag sa Batas:
• pagpapaslang o pagpatay sa isang tao nang hindi sadya o tangka, (maliban na lang kung nakapaslang sa aksidente sa sasakyan);
• anumang paglalabag sa batas na bumubuo sa isang sala laban sa pampublikong administrasyon kabilang na ang panunuhol o di wastong pag-impluwensya o pag-abuso sa posisyon, o anumang katulad na sala sa ilalim ng mga batas ng anumang estado o lokal na hurisdiksyon, o ng Estados Unidos, o ng District of Columbia; o
• anumang paglalabag sa batas na bumubuo sa isang seksuwal na sala, o anumang tulad na pagkakasala sa ilalim ng mga batas ng anumang estado o lokal na hurisdiksyon o ng Estados Unidos o ng District of Columbia.

**Address Pang-Koreo:**
State of Delaware
Office of the State Election Commissioner
905 S. Governors Ave., Suite 170
Dover, DE 19904

## District of Columbia

**Pinabago: 10-10-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 21 araw bago ang halalan, kung nagpapaparehistro sa pamamagitan ng koreo, online, o sa mobile app, pero ang botante ay maaaring magparehistro nang personal habang isinasagawa ang maagang pagboboto at sa araw ng Halalan.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling ngayon ng Batas Pederal na lahat ng mga aplikasyon sa pagrehistro ng botante ay dapat na kasama ang numero ng lisensya sa pagmaneho ng aplikante o ang huling apat na numero ng social security ng aplikante upang maproseso ito.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang bumoto sa District of Columbia, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• maging isang residente ng District of Columbia
• manatiling residente sa District of Columbia ng kahit man lang 30 araw bago ang halalan na kung saan nais mong bumoto
• huwag angkinin ang pagiging residente sa pagboto o ang karapatang bumoto sa iba pang estado ng Estados Unidos o teritoryo nito
• maging kahit man lang 17 taong gulang (Maaari kang magparehistro para makaboto kung may edad ka na kahit man lang 16 taong gulang. Maaari kang bumoto sa primaryang halalan kung ikaw ay kahit man lang 17 taong gulang at ikaw ay may edad na kahit man lang 18 taong gulang sa pagsapit ng susunod na pangkalahatang halalan. Maaari kang bumoto sa pangkalahatan o espesyal na halalan kung ikaw ay kahit man lang 18 taong gulang).
• hindi napagpasyahan ng korte na hindi legal na makakaboto

**Address Pang-Koreo:**
District of Columbia Board of Elections
1015 Half Street, SE, Suite 750
Washington, DC 20003

## Florida

**Pinabago: 11-30-2011**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 29 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kung mayroon ka nito, kailangan mong ibigay ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa Florida o numero ng card ng pagkakakilanlan sa Florida. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho sa Florida o card ng pagkakakilanlan, kailangan mong ibigay ang huling apat na numero ng iyong social security. Kung ikaw ay hindi pa nabibigyan ng anuman sa mga numerong ito, isulat ang salitang "WALA."
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hinihiling mula sa iyo, bagamat ito'y hindi kinakailangan, na sulatan ang kahon na ito. Tingnan ang listahan ng mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Florida, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• isang legal na residente sa parehong Estado ng Florida at ng county kung saan mo hinahangad na magparehistro
• may edad na 18 taong gulang (maaari kang magparehistro ng maaga kung ikaw ay hindi bababa sa 16 na taong gulang.)
• hindi ngayon nahayag na walang kakayahang pangkaisipan hinggil sa pagboto sa Florida o sa iba pang Estado, o kung ikaw ay nahatulan nang gayon, kailangang maibalik muna ang iyong karapatang bumoto
• hindi dapat napatunayang may sala sa anumang krimen, at kung ganun, ay

dapat munang kumilos para maibalik ang karapatang tinanggal sa iyo
• nanunumpa o pinatotohanan ang mga sumusunod: "Aking poprotektahan at ipagtatanggol ang Konstitusyon ng Estados Unidos at ang Konstitusyon ng Estado ng Florida, na ako ay kuwalipikado na magparehistro bilang isang manghahalal sa ilalim ng Konstitusyon ng batas ng Estado ng Florida, at lahat ng impormasyong ibinigay ko ay totoo."

**Address Pang-Koreo:**
State of Florida
Department of State
Division of Elections
The R.A. Gray Building
500 South Bronough St, Rm 316
Tallahassee, Florida 32399-0250

## Georgia

**Pinabago: 08-13-2013**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang ika-5 Lunes bago ang kahit na anong pangkalahatang primarya, pangkalahatang halalan, o primarya sa pagpili ng presidente, o isang regular na nakatakdang espesyal na halalan na alinsunod sa Mga Alituntunin ng Halalan sa Georgia. Sa kaganapan na ang isang espesyal na halalan ay nakatakda sa isang petsa maliban doon sa mga petsa na itinakda ng Mga Alituntunin ng Halalan sa Georgia, ang pagpaparehistro ay magsasara sa ika-5 araw makalipad ang paghayag.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling mula sa iyo ng Batas Pederal na ibigay ang iyong buong numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa GA o ipinalabas na numero ng ID ng Estado ng GA. Kung wala kang Lisensya sa Pagmamaneho sa GA o ID sa GA, kailangan mong ipagkaloob ang huling apat na numero ng iyong social security o Social Security Number. Ang pagkakaloob ng iyong buong ng Social Security ay opsyonal. Ang iyong numero sa Social Security ay pananatilihing kompidensyal at maaaring gamitin para sa paghahambing sa ibang mga database ng estado na ahensya para sa layunin ng pagkikilala sa rehistrasyon ng botante. Kung ikaw ay walang Lisensya sa Pagmamaneho sa GA o numero ng Social Security, isang bukod-tanging tagapagpakilala ang ipagkakaloob para sa iyo.
**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido upang maging bahagi sa primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hinihiling mula sa iyo na sulatan ang kahon na ito. Tingnan ang listahan ng mga mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Georgia, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• isang legal na residente ng Georgia at ng county kung saan nais mong bumoto
• may 18 taong gulang sa loob ng anim na buwan makalipas ang araw ng pagpaparehistro, at 18 taong gulang upang makaboto
• hindi nagsisilbi sa isang sentensya para sa pagkakahatol sa paglabag sa batas
• hindi napagpasyahan ng hukuman na walang kakayahang pangkaisipan, maliban kung ang kapansanan ay naalis

**Address Pang-Koreo:**
Elections Division
Office of the Secretary of State
2 Martin Luther King Jr. Drive
Suite 802 Floyd West Tower
Atlanta, Georgia 30334

## Hawaii

**Pinabago: 10-10-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 10 araw bago ang eleksyon

**6. Numero ng ID.** Kapag ikaw ay nagparehistro para makaboto, kailangan mong ipagkaloob ang iyong lisensya sa pagmamaneho sa Hawaii o numero ng pagkakakilanlan sa Estado, kung mayroon ka nito. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o numero ng ID, kailangan mong ibigay ang huling apat na digit ng iyong Social Security Number (SSN). Kung wala ka ng alinman sa mga impormasyong ito, magpapalabas ang Clerk's Office ng bukod-tanging numero ng pagkakakilanlan, na magsisilbing pagpapakila sa iyo para sa layunin ng pagpaparehistro ng botante.
**7. Pinipiling Partido.** Ang "pinipiling partido" ay hindi kinakailangan para sa rehistrasyon ng botante.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Ang lahi o grupong etniko ay hindi kinakailangan para sa rehistrasyon ng botante.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Hawaii, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• isang residente ng Estado ng Hawaii
• may edad na kahit man lamang 16 taong gulang (kailangan na ikaw ay 18 taong gulang sa pagsapit ng araw ng halalan upang makaboto)
• hindi nakakulong sa bilangguan para sa isang sentensya sa paglalabag sa batas
• hindi dapat na napagpasyahan ng isang korte bilang "non compos mentis" ("hindi wastong pag-iisip")

**Address Pang-Koreo:**
Office of Elections
State of Hawaii
802 Lehua Avenue
Pearl City, HI 96782

## Idaho

**Pinabago:**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 25 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ilagay ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa Idaho o ilagay ang ID na inilathala ng Departamento ng Transportasyon ng Idaho. Kung wala ka ng mga nabanggit na ID, ilagay ang huling 4 na numero ng iyong social security.
**7. Pinipiling Partido.** Maliban na lang kung pipiliin ng partidong pampolitikal na magkaroon ng kalayaan sa pagpili, ang pag-anib sa isang partido ng politika ay kinakailangan kung nais mong lumahok sa pangunahing halalan ng isang partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.**Upang magparehistro sa Idaho, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- ikaw ay nanirahan sa Idaho at sa county ng 30 araw bago sumapit ang araw ng halalan
- may edad na kahit man lamang18 taong gulang
- hindi nahatulan para sa isang paglalabag sa batas, at hindi naipanumbalik ang mga karapatan sa pagiging mamamayan, o nakulong sa bilangguan sa paghahatol ng isang labag sa batas na krimen

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
P.O. Box 83720
State Capitol Bldg.
Boise, ID 83720-0080

## Illinois

**Pinabago: 09-03-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 28 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling ng Illimois na ang Driver's License (o Secretary of State ID Card) o ang huling 4 na digit ng Numero ng Social Security. Para sa mga taong wala sa alinman sa mga item na iyon, at hindi nakarehistro sa Illinois dati, ang ipinapadala sa koreo na form ng rehistrasyon ay dapat may kasamang kopya ng iba pang nagpapakilalang impormasyon: kailangan mong magpadala, kasama ng application na ito ng, alinman sa (i) kopya ng kasalukuyan at balidong ID na may litrato, o (ii) kopya ng isang kasalukuyang utility bill, bank statement, tseke na mula sa gobyerno, paycheck, o iba pang dokumento ng gobyerno, paycheck, o iba pang dokumento ng gobyerno na nagpapakita sa pangalan at address ng botante. Kung hindi ka makapagbigay ng impormasyong hinihiling sa itaas, sa gayon ay hihilingin sa iyong magbigay sa mga opisyal na halalan ng (i) o (ii) na inilalarawan sa itaas sa unang pagkakataon na bumoto ka sa isang lugar ng botohan.
**7. Pinipiling Partido.** Ang rehistrasyon ng partido o pinipiling partido ay hindi kinakailangan para sa rehistrasyon ng botante. Gayunpaman, kapag ikaw ay nag-apply para sa isang primaryang balota, kailangan mong ipahiwatig ang iyong piniling partido para sa halalan na iyon.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Kinakailangan ang lagda. Kinakailangan ang isang lagda. Kung nagkulang ang lagda mula sa form ng rehistrasyon, ipagbibigay-alam sa iyo na ang iyong rehistrasyon ay hindi nakumpleto. Upang magparehistro sa Illinois, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Illinois at ng iyong presintong pang-halalan ng kahit man lang 30 araw bago ang sumunod na halalan.
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan
- hindi makulong sa bilangguan para sa isang sentensya sa paglalabag sa batas
- hindi kasalukuyang nasa ilalim ng paghuhusga ng pagbabawal ayon sa korte sanhi ng kakulangan ng kakayahang pangkaisipan

**Paunang Pagpaparehistro para sa Mga 17 Taong Gulang.** Pinapahintulutan sa Illinois ang pagrerehistro ng isang 17 taong gulang na may edad nang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang Pangkalahatang Halalan (o ang Pinagsamang Halalan, ang odd year na halalan para sa lungsod, township, school board at iba pang mga lokal na posisyon) na magparehistro at bumoto sa Pangkalahatang Primarya

**Address Pang-Koreo:**
State Board of Elections
2329 S. MacArthur Boulevard
Springfield, Illinois 62704

## Indiana

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 29 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang numero ng iyong ID ng botante sa estado ay ang iyong sampung numero ng ibinigay na Indiana na lisensya sa pagmamaneho. Kung ikaw ay walang lisensya sa pagmaneho sa Indiana, sa gayon ay ipagkaloob ang huling apat na numero ng iyong social security. Mangyari lamang na ipahiwatig kung aling numero ang ibinigay. (Indiana Code 3-7-13-13)
**7. Pinipiling Partido.** Iwanang blangko.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Indiana, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- nanirahan sa presinto ng kahit man lamang 30 araw bago ang susunod na halalan.
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit ng sumunod na pangkalahatang halalan
- hindi kasalukuyang nakakulong sa bilangguan para sa isang sentensya para sa isang krimen

**Address Pang-Koreo:**
Election Division
Office of the Secretary of State
302 West Washington Street,
Room E-204
Indianapolis, IN 46204-2743

## Iowa

**Pinabago: 11-24-2023**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** DKailangang maisumite ng ika-5 ng hapon 15 araw bago ang eleksyon.* Ang mga form ng rehistrasyon na may tatak-koreo 15 araw o higit pa bago ang eleksyon ay kinukonsiderang nasa oras kahit pa natanggap matapos ang deadline. *Kung hindi ka umabot sa mga huling araw ng pagrerehistro ng botante sa itaas ay maaari kang magparehistro at bumoto sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patnubay para sa pagrerehistro sa araw ng halalan. Mahahanap mo ang mga ito sa website ng Iowa Secretary of State: https://sos.iowa.gov/elections/voterinformation/edr.html.

**6. Numero ng ID.** Ang numero ng ID mo ay ang numero ng driver's license mo sa Iowa (o ang numero ng Iowa non-operator ID) kung mayroon ka nito, kung hwala, ang huling apat na digit ng social security number mo. Ang numero ng ID na ipagkakaloob mo ay patotohanan sa Iowa Department of Transportation o ng Social Security Administration.
**7. Pinipiling Partido.** Ikaw ay maaari, ngunit hindi naman kinakailangang sapilitang gawin, magparehistro sa isang partido sa pauna kung nais mong makibahagi sa halalang primarya ng nasabing partido. Maaari mong baguhin o ipahayag ang kinaaaniban na partido sa halalan sa araw ng halalang primarya.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Iowa, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang mamamayan ng Iowa
- kahit man lang 17 taong gulang; Maaaring bumoto ang tao kung sila ay may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago sumapit ang halalan. Sa kaganapan ng primaryang halalan, maaaring bumoto kung sila ay 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang nauugnay na regular na halalan.
- hindi nahatulan ng felony (malalang krimen) o naibalik ang iyong mga karapatan ng Gobernador, kabilang ang sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap, matapos ang paghatol sa felony.hindi kasalukuyang nahatulan ng isang korte na “walang kakayahan na bumoto”
- hindi umangkin sa karapatan na bumoto ng higit sa isang lugar
- isinuko ang iyong karapatan na bumoto sa iba pang lugar

**Address Pang-Koreo:**
Elections Division
Office of the Iowa Secretary of State
Lucas Building First Floor
321 E. 12th Street
Des Moines, IA 50319

## Kansas

**Pinabago: 10-25-2013**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** May marka ng koreo o napadala ng 21 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante ay dapat na naglalaman ng iyong numero ng lisensya sa pangmaneho na ipinalabas ng estado o numero ng pagkakakilanlan ng hindi nagmamaneho Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o card ng pagkakakilanlan ng hindi nagmamaneho, kailangan mong isama ang huling apat na mga numero ng iyong numero sa social security. Kung ikaw ay walang lisensya sa pangmaneho o card ng pagkakakilanlan ng hindi nagmamaneho o numero sa social security, mangyari lamang na isulat ang “WALA” sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Estado. Ang numero na iyong ibibigay ay gagamitin para sa layunin ng pangangasiwa lamang at hindi ipapahayag sa publiko. (KSA 25-2309).
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Kansas, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang mamamayan ng Kansas
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan
- nakakumpleto ng mga kundisyon ng iyong sentensya kung nahatulan ng paglalabag sa batas; ang isang taong nagsisilbi sa sentensya para sa pagkahatol sa paglabag sa batas ay hindi kuwalipikado na bumoto.
- hindi umangkin sa karapatan na bumoto sa iba pang lokasyon o sa ilalim ng ibang pangalan
- hindi matatanggihan mula sa pagboto ng isang korte na may legal na hurisdiksyon

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
1st Floor, Memorial Hall
120 SW 10th Ave.
Topeka, KS 66612-1594

## Kentucky

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 29 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kailangan ang pagkakaloob ng iyong buong numero ng Social Security. Ito ay ginagamit para sa layunin ng pangangasiwa lamang at hindi ipapalabas sa publiko (KRS 116.155). Walang sinuman ang matatanggihan ng karapatan na magparehistro dahil sa kabiguan na isama ang numero ng social security.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Kentucky, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang mamamayan ng Kentucky
- isang naninirahan sa county ng kahit man lamang 28 araw bago ang araw ng halalan
- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na pangkalahatang halalan
- hindi isang nasentensyahang lumabag sa batas o kung ikaw ay nasentensyahan para sa paglalabag sa batas, ang iyong mga karapatan pantao ay dapat naipanumbalik ng executive pardon pagpapatawad ng pamahalaan
- hindi nahusgahan bilang “walang kakayahang pangkaisipan” sa isang korte ng batas
- hindi umangkin sa karapatan na bumoto kahit sa saan sa labas ng Kentucky

**Address Pang-Koreo:**
State Board of Elections
140 Walnut Street
Frankfort, KY 40601-3240

## Louisiana

**Pinabago: 02-28-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ibigay ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho o ang numero ng iyong Louisiana special identification card, kung mayroon ka ng mga ito. Kung wala, ibigay ang huling apat na numero ng iyong social security. Maaari mo ring ibigay nang kusang loob ang buong numero ng iyong social security. Kung wala ka ng alinman sa mga ito—lisensya, Louisiana special identification card, o social security number—isama sa application ang alinman sa mga sumusunod: (a) kopya ng photo identification na kasalukuyang may bisa; o (b) kopya ng kasalukuyang utility bill, bank statement, tseke mula sa gobyerno, tseke ng sweldo, o anumang dokumentong galing sa gobyerno na nagpapakita ng pangalan at tirahan ng aplikante. Hindi ipapahayag ng tagapagrehistro o ng Kagawaran ng Estado ang numero ng social security ng rehistradong botante o ikakalat ang naturang numero ng mga rehistradong botante sa mga listahang pang-komersyo. (R.S. 18:104 and 154; 42 U.S.C. § 405).
**7. Pinipiling Partido.** Kung ikaw ay walang naitalang kinaaniban na partido, hindi ka maaaring bumoto sa Primarya ng Piniling Presidente at mga halalan sa komite ng partido. Ang partidong politikal na kinaaaniban ay hindi kinakailangan para sa anumang iba pang halalan.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Opsyonal ang pagkukumpleto sa kahon na ito. Basahin ang listahan ng mga mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Louisiana, kailangan na ikaw ay:
- isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang residente ng Louisiana (ang address ng residensya ay dapat ang address kung saan mo inaangkin ang homestead exemption, kung mayroon man, maliban sa isang residente ng nursing home o veteran's home na maaaring piliin na gamitin ang address ng nursing home o veteran's home o sa tahanan kung siya ay may homestead exemption. Ang isang estudyante sa kolehiyo naman ay maaaring piliin na gamitin ang kaniyang address ng tahanan o ang kaniyang address habang wala sa tahanan at nag-aaral.)
- ang edad ay kahit man lang 17 taong gulang (16 taong gulang kung nagparehistro para makaboto gamit ang aplikasyon para sa driver's license sa Louisiana o nang personal sa registrar ng tanggapan ng botante), at may edad na 18 taong gulang bago ang susunod na halalan para makaboto
- hindi kasalukuyang nasa ilalim ng kautusan ng pagkakakulang para sa pagkakasala sanhi ng paglabag sa batas; o kung napapailalim sa nasabing kautusan (1) hindi dapat nakulong alinsunod sa kautusan sa loob ng huling limang taon at (2) hindi napapailalim sa isang kautusan ng pagkakakulong na may kaugnayan sa isang pagkakasala sanhi ng paglabag sa batas sanhi ng paglilinlang sa halalan o anumang iba pang sala na may kaugnayan sa halalan alinsunod sa R.S. 18:1461.2
- hindi kasalukuyang nasa ilalim ng paghuhusga sa interdiksyon para sa kakulangan ng kakayahang pangkaisipan o limitadong interdiksyon kung saan ang iyong karapatan para makaboto ay nasuspinde

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
Attention: Elections Division
P.O. Box 94125
Baton Rouge, LA 70804-9125

## Maine

**Pinabago: 11-24-2023**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ipadadala sa iyong munisipalidad 21 araw bago ang eleksyon (o ang isang botante ay maaaring mag-rehistro nang personal hanggang sa kasama ang araw ng eleksyon).

**6. Numero ng ID.** Kailangan mong ilista ang numero ng iyong balidong lisensya sa pagmamaneho sa Maine. Kung wala kang isang balidong lisensya sa pagmamaneho sa Maine, kung sa gayon ay kailangan mong ibigay ang huling apat na numero ng iyong Social Security. Ang mga botante na wala ng kait na isa sa mga uri ng pagkakakilanlan ay dapat na isulat ang “WALA” sa espasyong ito.
**7. Pinipiling Partido.** Ang hindi naka-enroll na mga botante ay maaaring pumili na makibahagi sa isang primaryang eleksyon ng partido, caucus, o convention na hindi nag-e-enroll sa partidong iyon.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Para makarehistro sa Maine ikaw ay kinakailangang:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Maine at ng munisipyo kung saan mo nais na bumoto
- hindi bababa sa 16 taong gulang (kailangang ikaw ay 18 taong gulang para makaboto, o 17 taong gulang para sa isang Primaryang Eleksyon kung saan ikaw ay magiging 18 taong gulang sa Pangkalahatang Eleksyon na iyon)

B. Naunang tirahan. Kinakailangan ang naunang naging tirahan para sa pagpaparehistro ng botante sa Maine. Kung dati ka nang nakapagparehistro para bumoto, ito man ay sa Maine o hindi, ang address bago ang rehistrasyon ay kinakailangan upang makarehistro sa pagboto. Kung hindi ka pa nakapagparehistro dati, isulat ang N/A.

**Address Pang-Koreo:**
Elections Division
Bureau of Corporations,
Elections and Commissions
101 State House Station
Augusta, ME 04333-0101

Mga address ng munisipyo: Upang makapagparehistro sa itinakdang mga deadline, lalo na sa dalawang linggo bago ang pagsara ng panahon (tatlong linggo bago ang eleksyon) dapat mong ibalik ang nakumpletong aplikasyon ng botante sa pagpaparehistro sa iyong municipal clerk. Ang kumpletong listahan ng mga

municipal clerk ay makukuha sa https://www.maine.gov/sos/cec/elec/.

## Maryland

**Pinabago: 10-10-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang personal na pagrerehistro ng di lalampas sa 5:00 p.m., online na pagrerehistro ng di lalampas sa 11:59 p.m., o postmarked 21 araw bago ang eleksyon.

**6. Numero ng ID.** Kala kang pangkasalukuyan at balidong lisensya sa pagmamaneho sa Maryland o MVA ID card, kailangan mong ilagay kahit man lamang ang huling 4 na numero ng iyong social security. Ang nakasulat na batayan sa batas na nagpapahintulot sa mga opisyal na hilingin ang huling 4 na digit ng iyong social security number ay ang Election Law Article, § 3-202. Ang numero ay gagamitin lamang para sa rehistrasyon at iba pang mga layunin sa pangangasiwa. Pakikitunguhan bilang kompidensyal ito.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Maryland, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Maryland
- • may edad na kahit manlang 16 taong gulang*
- • hindi inaalagaan o nasa pag-aaruga sanhi ng isang kapansanang pangkaisipan o kung gayon, hindi napagpasyahan ng korte na hindi mo kayang masabi ang nais mo na bumoto
- hindi nasentensyahan para sa pagbili o pagbenta ng mga boto
- hindi nasentensyahan ng isang paglabag sa batas, o kung nangyari ito, iyo nang nakumpleto ang pagsisilbi sa kautusan ng korte na sentensya ng pagkakabilanggo, kabilang na ang kahit na anong kundisyon ng parole o probasyon para sa sentensya.

*Maaari kang magparehistro para makaboto kung ikaw ay may edad na 16 taong gulang pero di makakaboto hangga't ikaw ay umabot sa edad na kahit man lang 18 taong gulang sa pagsapit ng susunod na pangkalahatang halalan.

**Address Pang-Koreo:**
State Board of Elections
P.O. Box 6486
Annapolis, MD 21401-0486

## Massachusetts

**Pinabago: 09-03-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon** — 20 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling ng Batas Pederal na iyong ipagkaloob ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho upang magparehistro para makaboto. Kung wala kang pangkasalukuyan at balidong lisensya sa pagmamaneho sa Massachusetts, kailangan mong ibigay ang huling apat (4) na numero ng iyong Social Security. Kung wala ka ng kahit isa nito, kailangan mong isulat ang "WALA" sa kahon at isang bukod-tanging numero ng pagkakakilanlan ang itatalaga sa iyo.
**7. Pinipiling Partido.** Kung hindi ka nagtalaga ng isang partido o politikal na pagkakatalaga sa kahon na ito, ikaw ay irerehistro bilang hindi na-enroll, na karaniwang tinutukoy bilang independiyente. Ang mga hindi naka-enroll na botante at mga botanteng nakarehistro sa politikal na pakakatalaga ay maaaring bumoto sa primarya ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Massachusetts, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Massachusetts
- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan
- hindi nasentensyahan para sa mga tiwaling pamamalakad bilang kaugnayan sa mga halalan
- wala sa ilalim ng pag-aalaga bilang kaugnayan sa pagboto
- hindi kasalukuyang nakakulong sa bilangguan para sa isang sentensya sa paglalabag sa batas

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of the Commonwealth
Elections Division, Room 1705
One Ashburton Place
Boston, MA 02108

## Michigan

**Pinabago: 11-07-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** May marka ng koreo na kahit man lang 15 araw bago ang halalan; o nahatid nang personal ng clerk ng iyong lungsod o bayan bago sumapit ang 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Kung ikaw ay nagpaparehistro sa loob ng 14 araw bago ang isang halalan, kailangan mong ibigay ang beripikasyon ng pagiging residente para maging karapat-dapat sa isang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante ay dapat na naglalaman ng iyong numero ng lisensya sa pangmaneho na ipinalabas ng estado o numero ng card ng personal na pagkakakilanlan na ipinalabas ng estado. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o card ng personal na pagkakakilanlan na ipinalabas ng estado, kailangan mong isama ang huling apat na mga numero ng iyong numero sa social security. Kung ikaw ay walang lisensya sa pangmaneho o card ng personal na pagkakakilanlan na ipinalabas ng estado o numero sa social security, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Estado. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Estado.
**7. Pinipiling Partido.** Ang "pinipiling partido" ay hindi kinakailangan para sa rehistrasyon ng botante.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Para makapagrehistro sa Michigan, kailangan na ikaw ay:
- isang mamamayan ng Estados Unidos
- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit ng susunod na halalan

• maging isang residente ng Michigan at kahit man lang 30 araw na residente sa iyong lungsod o bayan sa araw ng halalan.
• hindi nakakulong makalipas na mahatulan na may sala at nasentensyahan

***Paunawa:*** Kung may driver's license (DL) sa Michigan o personal na ID (PID) ang botante, hinihiling sa ilalim ng batas ng Michigan ang **parehong address ay dapat gamitin para sa pagpapaparehistro ng botante at para sa mga layunin ng DL/PID.** Ang paggamit ng form na ito ay magbabago rin sa iyong DL/PID address. Ipapadala sa iyo ng Secretary of State ang bagong address na sticker para sa iyong DL/PID.

**Address Pang-Koreo:**
Ipadala sa koreo o dalhin ang nakumpletong application na ito nang direkta sa clerk ng iyong lungsod o bayan. Hanapin ang address ng clerk sa iyong lungsod o bayan sa Michigan.gov/Vote. Kung hindi mo magawang mahanap ang address ng clerk ng iyong lungsod o bayan, ipadala sa:

Michigan Department of State
Bureau of Elections
P.O. Box 20126
Lansing, MI 48901-0726

## Minnesota

**Pinabago: 11-24-2023**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Nadala sa pagsapit ng 5:00 p.m. , 21 araw bago ang halalan (mayroong din rehistrasyon sa araw ng halalan sa mga botohan).

**6. Numero ng ID.** Hinihiling mula sa iyo na ibigay ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa Minnesota o ID ng estado para makapagrehistro upang makaboto. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho sa Minnesota o ID ng estado, samakatuwid ay kailangan mong ibigay ang huling apat na numero ng iyong social security. Kung wala ka ng kahit isa sa mga ito, mangyari lamang na isulat ang "wala" sa form.
**7. Pinipiling Partido.** Iwanang blangko.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Minnesota, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• mapanatili ang pagiging residente sa Minnesota sa loob ng 20 araw bago ang susunod na eleksyon
• mapanatili ang paninirahan sa address na ibinigay sa form ng rehistrasyon
• hindi bababa sa 16 taong gulang at nauunawaan na dapat ikaw ay hindi bababa sa 18 taong gulang para maging karapat-dapat na bumoto.kung dating nasentensyahan para sa isang paglalabag sa batas, ang iyong sentensya sa paglabag sa batas ay nagpaso na o nakumpleto na, o ikaw ay napakawalan mula sa sentensya
• hindi sumasailalim sa kautusan ng korte na pag-aalaga kung saan ang karapatang makaboto ay nabawi
• hindi nahatulan ng isang korte bilang legal na walang kakayahan na makaboto

**Address Pang-Koreo:**

First National Bank Building
332 Minnesota Street. Suite N201
Saint Paul. MN 55101

Maaari kang magrehistro online o makakuha ng higit pang impormasyon sa mnvotes.gov/register.

## Mississippi

**Pinabago: 05-07-2010**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling mula sa iyo ibigay ang iyong pangkasalukuyang balidong lisensya sa pagmamaneho o kung wala ka nito, ang huling apat na numero ng iyong social security.
**7. Pinipiling Partido.** Ang Mississippi ay walang rehistrasyon ng partido. Samakatuwid, hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Mississippi, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• tumira sa Mississippi at sa iyong county (at lungsod, kung naaangkop) 30 araw bago ang halalan kung saan mo gustong bumoto
• may edad na 18 taong gulang sa pagsapit ng pangkalahatang halalan kung saan nais mong bumoto
• hindi nasentensyahan para sa pagpapaslang, paggagahasa, panunuhol, pagnanakaw, sadyang pagsunog, pagkukuha ng pera o mga ari-arian sanhi ng pagpapanggap, panunumpa ng walang katotohanan, panghuhuwad, pagkakalustay, pagnanakaw nang may armas, pangingikil, pagbibigay ng talbog na tseke o tseke na walang pondo, labag sa batas na pag-shoplift, pagnanakaw ng personal na ari-arian, labag sa batas na pagkuha ng sasakyan, isinabatas na panggagahasa, pagnanakaw ng sasakyan, o bigamy (pagkakaroon ng higit sa isang asawa), ang iyong mga karapatan ay naipanumbalik tulad ng inutos ng batas
• hindi nadeklara bilang walang kakayahang pangkaisipan ng isang korte
*Tandaan:* Ang batas ng estado ay binago ng kautusan ng korteng pederal noong 1998 at ng lehislasyon ng estado noong 2000. Ngayon ay tinatanggap namin ang form bilang rehistrasyon para sa pagboto sa lahat ng mga estado at mga tanggapang pederal.

**Address Pang-Koreo:**

Secretary of State
P.O. Box 136
Jackson, MS 39205-0136

**Mga address sa lokal na county:** Maaari mo ring isauli ang mga nakumpletong aplikasyon sa kawani ng lugar/tagapag-rehistro kung saan ka naninirahan. Isang kumpletong listahan ng mga kawani ng county/tagapag-rehistro ay handang makuha sa website ng Mississippi sa www.sos.ms.gov.

## Missouri

**Pinabago: 09-12-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 28 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante ay dapat na naglalaman ng iyong numero ng lisensya sa pangmaneho na ipinalabas ng estado. Ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon ng botante ay kailangan din na kasama ang huling apat na numero ng iyong social security. (Section 115.155, RSMo). Kung ikaw ay walang lisensya sa pangmaneho o numero ng social security, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Estado. Ang kahit na anong electronic na pamamaraan, mga kopya o mga etiketa para sa koreo na ipinagkaloob sa ilalim ng seksyon na ito ay hindi kasama ang mga numero ng telepono at mga numero ng social security ng mga botante. (Section 115.157, RSMo).

**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Missouri, kailangan na ikaw ay:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Missouri
- may kahit man lang 17-1/2 taong gulang (kailangan na ikaw ay may edad na 18 taong gulang upang bumoto).
- hindi nasa ilalim ng probasyon o parole makalipas na masentensyahan para sa isang paglalabag sa batas, hanggang sa tuluyang mapakawalan mula sa nasabing probasyon o parole.
- hindi nahatulan para sa paglabag sa batas o hindi masyado mabigat na kasalanan o na may kuneksyon sa karapatan sa pagboto
- hindi mahusgahan na walang kakayahan ng kahit na anong korte ng batas
- hindi masentensyahan ng pagkakakulong

**Address Pang-Koreo:**

Secretary of State
P.O. Box 1767
Jefferson City, MO 65102-1767

## Montana

**Pinabago: 03-5-2022**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang regularna pagpaparehistro ay magsasara ng 30 araw bago ang halalan. Maaaring magparehistro ang isang posibleng botante o baguhin ang kasalukuyang impormasyon ng botante makalipas ang pagsasara ng regular na pagpaparehistro at magiging karapat-dapat na bumoto sa halalan kung ang administrator ng eleksyon sa county kung saan naninirahan ang elektor ay nakatanggap at napatotohanan ang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante bago ang tanghali, isang araw bago ang eleksyon.

**6. Numero ng ID.** Kailangan mong ibigay ang iyong balidong numero ng driver's license sa Montana (MT), numero ng ID card sa MT, o ang huling apat na digit ng iyong Social Security number (SSN). Kung hindi mo mabigay ang mga naunang nabanggit na mga form ng pagkakakilanlan, maaari mong ibigay ang iyong pasaporte sa Estados Unidos, ang Montana tribal ID card, military ID card, o Montana concealed carry permit kapag ikaw ay nagparehistro; o magsumite ng ID na may litrato, kasama na, pero hindi limitado sa, school district o postsecondary na edukasyon na ID na may litrato na nakapangalan sa iyo, at isang kasalukuyang utility bill, bank statement, paycheck, tseke mula sa gobyerno, o iba pang dokumentong pinalabas ng gobyerno na nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang address. *Para sa impormasyon sa pagpaparehistro ng botante na ID mangyaring bumisita sa https://sosmt.gov/voter-id/voter-registration-id-options/

**7. Pinipiling Partido.** Hindi hinihiling ng Montana ang rehistrasyon sa partido upang makalahok sa kahit na anong halalan.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Montana, kailangan na ikaw ay:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang halalan
- isang residente ng Montana at ng iyong county kung saan mo nais na bumoto ng kahit man lang 30 araw bago ang sumunod na halalan.
- hindi nakakulong sa bilangguan para sa isang sentensya sa paglalabag sa batas
- hindi kasalukuyang napagpasyahan ng isang korte na walang kakayahang pangkaisipan
- nakatugon sa mga kuwalipikasyon na ito sa pagsapit ng sumunod na araw ng halalan kung hindi mo pa kasalukuyang natutugunan ang mga ito

**Address Pang-Koreo:**
Ipadala ang iyong nakumpletong form sa pagpaparehistro sa iyong lokal na tanggapan ng eleksyon sa iyong lokal na county. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong county ay matatagpuan sa Montana Secretary of State na website: Election-Officials-Master-Email-List (sosmt.gov). Kung nahihirapan ka sa paghahanap ng tanggapan ng eleksyon sa iyong county, makipag-ugnayan sa Montana Secretary of State Elections and Voter Services Division para sa tulong sa (888) 884-8683 o (406) 444-9608, o sa pamamagitan ng email sa soselections@mt.gov. (Tala: Ang mga pagrerehistro ay maaaring ipadala sa Montana Secretary of State na tanggapan, gayunman, para maiwasan ang mga posibleng pagkakaantala, inirerekumenda namin sa iyong isauli ang nakumpletong application para sa pagrerehistro ng botante nang direkta sa tanggapan ng eleksyon sa iyong county.)

Secretary of State's Office
P.O. Box 202801
Helena, MT 59620-2801

## Nebraska

**Pinabago: 03-08-2018**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang ikatlong Biyernes bago ang halalan (o naibigay sa pagsapit ng 6 p.m. sa ikalawang Biyernes bago ang halalan).

**6. Numero ng ID.** Kailangan mong ibigay ang numero ng iyong balidong lisensya sa pagmamaneho sa Nebraska. Kung ikaw ay walang lisensya sa pagmamaneho sa Nebraska, sa gayon ay kailangan mong ilista ang huling apat na numero ng iyong social security.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Nebraska, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Nebraska
- may edad na kahit man lamang 18 taong gulang o magiging 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang unang Martes makalipas ang unang Lunes ng Nobyembre.
- hindi nasentensyahan para sa isang paglalabag sa batas, o kung nasentensyahan, dapat ay lumipas ang kahit man lang dalawang taon mula nang natapos ang iyong sentensya para sa paglalabag sa batas, kasama na ang anumang termino para sa parole
- hindi opisyal na natuklasang may kakulangan sa kakayahang pangkaisipan

**Address Pang-Koreo:**
Nebraska Secretary of State
Suite 2300, State Capitol Bldg.
Lincoln, NE 68509-4608

## Nevada

**Pinabago: 05-01-2020**

**Takdang huling araw sa Pagpaparehistro —** Ang takdang huling araw para sa pagpaparehistro ng botanteng maghuhulog ng balota sa koreo o nang personal ay sa ikaapat na Martes bago ang kahit na anong primarya o pangkalahatang halalan. Ito ang petsa kung saan: (1) dapat na natatakan na ng koreo ang application para sa botanteng maghuhulog ng balota sa koreo; o (2) dapat na personal na magpunta agn tao sa tanggapan ng Kawani ng County/ Tagapag-rehistro ng Mga Botante. Ang naitakdang huling araw para sa online na pagpapaparehistro ng botante sa www.RegisterToVoteNV.gov ay Huwebes bago ang primarya o pangkalahatang halalan. Ang mga karapat-dapat na botente na nakaligtaan ang mga takdang huling araw ng pagpaparehistro ay maaaring magparehistro upang makaboto nang personal sa pagbobotohan sa pamamagitan ng maagang pagboto o sa araw mismo ng halalan.

**6. Numero ng ID.** Maaari kang magbigay ng numero ng driver's license ng Nevada o numero ng ID card sa Nevada kung kayo ay binigyan nito ng DMV. Kung wala kang balidong driver's license sa Nevada o ID card sa Nevada, kailangan ninyong ibigay ang huling apat na digit ng Numero ng inyong Social Security. Kung ikaw ay walang Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Nevada o Numero ng ID Card sa Nevada o Numero sa Social Security, mangyari lang makipag-ugnayan sa inyong County Clerk/Registrar of Voters na magtatalaga ng isang bukod-tanging numero ng pagpapakilanlan.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang panguning politikal na partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido. Kung ikaw ay nakarehistro sa isang minor na partidong pulitikal, o isang walang kinikilingan na partido, ikaw ay makakatanggap ng isang walang kinikilingan na balota para sa primaryang halalan.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro para bumoto sa Nevada, kailangan mong:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos;
- mayroon nang 18 taong gulang sa araw ng susunod na halalan;
- patuloy kang naninirahan sa Estado ng Nevada, sa iyong county, ng kahit man lamang 30 araw at sa iyong prisinto ng kahit man lamang 10 araw bago ang sumunod na halalan;
- Kasalukuyang hindi nakakulong para sa pagkakasentensya sanhi ng paglalabag sa batas;
- hindi kasalukuyang napagpasyahan ng isang korte ng batas na walang kakayahang pangkaisipan; at
- nagpapahayag na walang ibang lugar na legal na tirahan.

**Paunang Pagpaparehistro sa mga 17 taong gulang** — Ang tao na may 17 taong gulang o mas matanda ngunit mas bata sa 18 taong gulang at nakakatugon sa lahat ng mga kuwalipikasyon para makaboto sa Nevada ay maaaring magparehistro nang pauna gamit ang anumang mga paraang magagamit ng isang tao para magparehistro upang makaboto. Ang isang tao na paunang nagparehistro para makaboto ay awtomatikong magiging isang rehistradong botante sa kaniyang ika-18 na kaarawan.

**Mga Sakdal ng Pagsasagawa ng Krimen** — Sinumang residente ng Nevada na nasentensyahan ng isang paglalabag sa batas ay agad na ipanunumbalik ang karapatan na bumoto sa sandaling makalabas sa bilangguan ang indibiduwal. Walang panahon ng paghihintay o kilos na kinakailangan mula sa indibiduwal. Ang panunumbalik ng mga karapatan para makaboto ay awtomatiko at agad sa sandaling mapalabas sa bilangguan ang indibiduwal, anuman ang kategorya ng paglalabag sa batas na ginawa o kung ang indibiduwal ay nasa parole o probation pa rin. Karagdagang impormasyon hinggil sa panunumbalik ng mga karapatan para makaboto ay matatagpuan sa website ng Secretary of State of Nevada sa: www.nvsos.gov.

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
Elections Division
101 North Carson Street
Suite 3
Carson City, NV 89701-4786

Ang mga application para sa pagpaparehistro ng botante ay maaaring isauli sa Wisconsin Elections Commission na tanggapan sa address na nakalista sa itaas, ngunit para maiwasan ang mga posibleng pagkakaantala, pinapayuhan ka na isauli ang iyong nakumpletong application ng pagpaparehistro ng botante nang direkta sa inyong lokal na opisyal sa halalan sa county.

**Mga address sa lokal na county:** Para makatugon sa mga naitakdang huling araw sa pagpaparehistro, lalo na sa dalawang linggo bago ang takdang huling araw para sa pagpaparehistro ng botanteng maghuhulog ng balota sa koreo, kailangan mong isauli ang nakumpletong mga application sa pagpaparehistro ng btoante sa iyong sariling County Clerk/ Registrar of Voters. Isang kumpletong listahan ng mga County Clerk at Registrars of Voters ay handang makuha sa website ng Nevada Secretary of State: www.nvsos.gov.

## New Hampshire

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang mga kawani ng bayan at lungsod ng New Hampshire ay tanggapan ang aplikasyon na ito bilang isang kahilingan para sa kanilang sariling dokumento para sa rehistrasyon ng botanteng hindi makakarating na maghuhulog ng balota sa koreo, na dapat na natanggap ng iyong lungsod o bayan sa pagdating ng 10 araw bago ang halalan.

Tatanggapin ng lungsod ng New Hampshire at mga kawani ng lungsod na ito ang aplikasyon bilang isang kahilingan lamang para sa kanilang sariling dokumento para sa rehistrasyon ng botanteng hindi makakarating na maghuhulog ng balota sa koreo. Kailangan mo lang sulatan ang Kahon 1 at Kahon 2 o 3.

Ang aplikasyon ay kailangan na ipadala sa koreo sa kawani ng iyong bayan o lungsod sa iyong zip code. Ang mga address na ito ay nakalista sa web site ng Kalihim ng Estado sa http://www.state.nh.us/sos/clerks.htm.

Kailangan itong mahulog sa koreo ng may sapat na panahon upang maipadala sa iyo ng iyong kawaning bayan o lungsod ang form na iyon pabalik sa kanila ng 10 araw bago ang halalan

## New Jersey

**Pinabago: 03-28-2008**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 21 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang huling apat na numero ng iyong Social Security O iyong Lisensya sa Pagmamaneho sa New Jersey ay kinakailangan para sa rehistrasyon ng botante. Kung wala ka ng kahit na alin sa mga pagkakakilanlan na ito, mangyari lamang na isulat ang “WALA” sa form. Magtatalaga ang estado ng isang numero na magsisilbi upang ikaw ay kilalanin para sa mga layunin ng rehistrasyon ng botante.

**7. Pinipiling Partido.** Ang form ng rehistrasyon ng botante sa New Jersey ay hindi nagkakaloob ng listahan para sa partidong pulitikal na kinaaaniban. Isang bahong botanteng nakarehistro o botante na hindi pa kailanman nakaboto sa isang primaryang halalan para sa partidong pulitikal ay maaaring ideklara ang kinaaanibang prtido sa botohan sa araw ng halalang primarya. Sa New Jersey, ang halalang primarya ay ginaganap lamang para sa mga Democratic at Republican na mga partido. Ang botante ay maaari rin magsampa ng form ng pagpapahayag para sa isang partidong pulitikal upang maging miyembro ng isang partidong pulitikal. Kung ang nadeklarang botante ay ninais na magbago ng kinaaanibang partido o kailangan niyang magsampa ng isang form ng pagpapahayag ng 50 araw bago ang halalang primarya upang makaboto.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa New Jersey, kailangan na ikaw ay:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit ng sumunod na halalan
- isang residente ng Estado at county na ito sa iyong address ng kahit man lamang 30 araw bago ang sumunod na halalan.
- hindi nagsisilbi sa isang sentensya o naka-parole o probasyon bilang resulta ng paghatol ng kahit na anong nakapagsasakdal na sala sa ilalim ng batas na ito o ng ibang estado o ng Estados Unidos

**Address Pang-Koreo:**

New Jersey Department of Law
and Public Safety
Division of Elections
P.O. BOX 304
Trenton, NJ 08625-0304

## New Mexico

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 28 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kailangan ang pagkakaloob ng iyong buong numero ng Social Security. Ang targeta ng rehistrasyon na ito, na naglalaman ng iyong numero sa social security ay magiging bahagi ng isang permanenteng talaan ng rehistrasyon ng botante sa iyong lokalidad, na bukas upang mainspeksyonan ng publiko sa tanggapan ng kawani ng lalawigan. Gayunman, ang numero ng iyong social security at petsa ng kapanganakan ay mananatiling kompidensyal at hindi ipapahayag sa publiko. Ang mga talaan na nakalagay sa computer ng mga limitadong impormasyon ukol sa rehistrasyon ng botante (na walang numero ng social security o petsa ng kapanganakan) ay handang makita ng pangkalahatang publiko, at ibibigay kung hilingin ng kasalukuyang nanunungkulan na opisyal ng halalan, mga kandidato, mga partidong pulitikal, mga korte at mga walang kitang kapisanan, na nagtataguyod para sa paglalahok at rehistrasyon ng botante, para sa layuning pulitikal lamang (§1-5-19B, NMSA 1978)

**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.

**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.

**9. Lagda.** Upang magparehistro sa New Mexico, kailangan na ikaw ay:

- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Estado ng New Mexico

- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit ng sumunod na halalan
- hindi natanggihan sa karapatan na bumoto ng korte ng batas sa kadahilanan ng kakulangan ng kakayahang pangkaisipan at, kung ako ay nahatulan sa paglalabag sa batas, akong nakumpleto ang lahat ng mga kundisyon ng probasyon o parole, na nasilbihan ang kabuuan ng isang sentensya o nabigyan ng patawag ng Gobernador.

**Address Pang-Koreo:**
Bureau of Elections
325 Don Gaspar, Suite 300
Santa Fe, NM 87503

## New York

**Pinabago: 01-17-2023**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 25 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ayon sa pederal na batas, kinakailangan na gamitin mo ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho upang makarehistro para bumoto. Kung ikaw ay walang lisensya sa pagmamaneho, kakailanganin mong ibigay ang kahit na huling apat na numero ng iyong numero ng seguridad panlipunan. Kung ikaw ay wala ng pareho, pakisulat ang "NONE" sa form. Itatalaga ka ng iyong Estado ng isang kakaibang numero ng pagkakakilanlan.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong maglista sa isang partido kung gusto mong bumoto sa pangunahing halalan o pulong ng partidong iyon.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa New York, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng county, o ng Lungsod ng New York, ng kahit man lamang 30 araw bago ang isang halalan.
- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit ng Disyembre 31 ng taon kung kailan mo naisampa ang form na ito (*Tala:* Kailangan na ikaw ay 18 taong gulang sa pagsapit ng petsa ng pangkalahatan, primarya, o iba pang halalan kung saan nais mong bumoto)
- hindi makulong sa bilangguan o naka-parole para sa isang sentensya sa paglalabag sa batas
- hindi kasalukuyang nahusgahan bilang walang kakayahan ng isang korte ng awtorisadong hukuman
- hindi umangkin sa karapatan na bumoto sa iba pang lugar

**Address Pang-Koreo:**
NYS Board of Elections
40 North Pearl Street, Suite 5
Albany, NY 12207-2729

## North Carolina

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** May marka ng koreo na 25 araw bago ang halalan o natanggap sa tanggapan ng halalan o natalagang lugar ng ahensya para sa rehistrasyon ng botante ng 5:00 p.m., 25 araw bago ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ipagkaloob ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa North Carolina, o numero ng ID sa Department of Motor Vehicles sa North Carolina. Kung ikaw ay walang lisensya sa pagmaneho, sa gayon ay ilista ang huling apat na numero ng iyong social security.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido upang makaboto sa primarya ng partido na iyon maliban lamang kung ang partido na iyo ay nagpapahintulot sa mga walang kinaaaniban na botante na bumoto sa primarya nito. Kung iyong ipinahiwatig ang partidong pulitikal na hindi isang kuwalipikadong partido, o ipinahiwatig ang walang partido, ikaw ay itatala bilang "Walang kinaaaniban".
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hinihiling mula sa iyo na sulatan ang kahon na ito. Gayunman, ang iyong aplikasyon ay hindi tatanggihan kung hindi mo ito nagawa. Tingnan ang listahan ng mga mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa North Carolina, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng North Carolina at ng county kung saan ka nakatira ng kahit man lang 30 araw bago ang halalan.
- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit ng araw ng pangkalahatang halalan
- naipanumbalik ang iyong karapatan bilang mamamayan kung ikaw ay nasentensyahan ng paglalabag sa batas
- hindi nakarehistro o hindi makaboto sa ibang county o estado

**Address Pang-Koreo:**
State Board of Elections
P.O. Box 27255
Raleigh, NC 27611-7255

## North Dakota

**Pinabago: 03-01-2006**

Ang North Dakota ay hindi magsasagawa ng rehistrasyon ng botante.

## Ohio

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling ang numero ng iyong social security. Ang pagkakaloob ng numero na ito ay kusang-loob. Ang impormasyon na ito ay nagpapahintulot sa Lupon ng Halalan na patotohanan ang iyong rehistrasyon kung kinakailangan (O.R.C. 3503.14). [Hinihiling ng Batas Pederal na iyong ipagkaloob ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho upang magparehistro para upang makaboto. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho, samakatuwid ay kailangan mong ibigay kahit man lamang ang huling apat na numero ng iyong social security. Kung wala ka ng kahit na alin sa numero na ito, kailangan mong isulat ang "WALA" sa form at magtatalaga ang Estado ng numero para sa iyo.]

**7. Pinipiling Partido.** Hindi ka dapat magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya ng partido. Ang kinaaaniban na partido ay itinatatag sa pamamagitan ng pagboboto sa isang halalang primarya.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Ohio, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Ohio
- may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang araw ng halalan. Kung ikaw ay 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang araw ng pangkalahatang halalan, maaari kang bumoto sa halalang primarya para lamang sa mga kandidato.
- hindi nahatulan ng paglalabag sa batas at kasalukuyang nakakulong
- hindi natagpuang walang kakayahan ng isang korte para sa layunin ng pagboto

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State of Ohio
Elections Division
180 E. Broad Street — 15th Floor
Columbus, OH 43215

## Oklahoma

**Pinabago: 03-15-2022**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 25 araw bago ang halalan.

**6. Numero ng ID.** 6. Numero ng ID. Kailangan mong ibigay ang iyong balidong numero ng driver's license sa Oklahoma, numero ng ID sa estado, o ang huling apat na digit ng iyong Social Security number.
**7. Pinipiling Partido.** 7. Pinipiling Partido. Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya ng partido. Ang kasalukuyang listahan ng mga kinikilalang pulitikal na partido sa Oklahoma ay available sa website ng Oklahoma State Election Board. Ang mga nakarehistrong votante na walang kaanib na partido ay maaaring pahintulutan ng mga kinikilalang partido na lumahok sa primaryang halalan sa pagpapasya ng partido. Makakahanap ka ng isang listahan ng mga kinikilalang politikal na partido at listahan ng mga partido na pinapahintulutan ang mga botante na walang kaanib na partido na bumoto sa primarya dito: https://oklahoma.gov/elections/voter-registration/political-party-info.html.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro para makaboto sa Oklahoma, kailangan na ikaw ay:
- Kailangang isang mamamayan ka ng Estados Unidos at isang residente ng Estado ng Oklahoma.
- Kailangang may edad ka na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang petsa ng sumunod na halalan Maaari ka lang paunang magparehistro kung ikaw ay may edad na kahit man lang 17 ½ taong gulang, pero ang iyong voter registration ay hindi aktibo hangga't ikaw ay 18 taong gulang.
- Kung ikaw ay isang nahusgahang may sala, kailangan ay ganap mong natapos ang iyong sintensya na inutos ng korte na mga araw na base sa kalendaryo, kasama ang anumang kondisyon ng pagkakakulong, parole, o superbisyon, o nakumpletong panahon ng probation na inutos ng anumang korte.
- Hindi ka dapat ngayon nasasailalim sa paghuhusga bilang isang walang kakayahang tao, o may kakulangan na tao na ipinagbabawal mula sa pagrerehistro upang makaboto.
- Ang mga application ay dapat na nilagdaan at nilagyan ng petsa ng pangunahing aplikante. Ang lagda ay kailangang orihinal, sulat-kamay na pirma o marka ng aplikante. Walang facsimile, kopya, typewritten o iba pang kapalit na lagda, pirma o marka ang balido. Labag sa batas na lumagda sa Oklahoma Voter Registation Application sa ngalan ng iba.

**Address Pang-Koreo:**
Oklahoma State Election Board
Box 528800
Oklahoma City, OK 73152-8800

Maaari mo rin kumpletuhin online ang application para sa pagpaparehistro ng botante, gamit ang OK Voter Portal "wizard": https://okvoterportal.okelections.us/Home/RegWizard (ang mga application ay dapat i-print, lagdaan, at ipadala sa koreo o personal na dalhin sa iyong county o State Election Board para makumpleto ang proseso.)

## Oregon

**Pinabago: 10-10-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 21 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Para maging karapat-dapat na makaboto sa halalan ng Oregon, kailangan mong magbigay ng valid na Driver's License ng Oregon, Permit o ID number. Kung ikaw ay walang ipinalabas ng Oregon na ID, sa gayon ay kailangan mong ibigay ang kahit man lamang ang huling apat na numero ng iyong social security ay kinakailangan. Kung wala ka ng kahit isa sa mga ito, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form.
**7. Pinipiling Partido.** Sa maraming mga kaso, kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya ng partido. Kung hindi ka isang miyembro ng patido o ang espasyong ito ay blangko, ikaw ay irerehistro ka bilang isang nonafficilated na botante.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Oregon, kailangan na ikaw ay:
- isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Oregon
- at hindi mas bata sa 16 tong gulang kapag nagparehistro Kung wala ka pang edad na 18 taong gulang, hindi ka makakatanggap ng balota hangga't may maganap na eleksyon sa o makalipas ang iyong ika-18 na kaarawan.

**Address Pang-Koreo:**
Oregon Elections Division
Public Service Building,
Suite 501
255 Capital St. NE
Salem, OR 97310

Magparehistro o magsagawa ng mga

pagbabago sa iyong pagrerehistro online — www.oregonvotes.gov.

## Pennsylvania

**Pinabago: 05-01-2020**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 15 araw bago sumapit ang halalan o primarya.

**6. Numero ng ID.** Hinihiling na ipagkaloob ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho, kung mayroon ka nito. Kung wala kang lisensya sa pagmamaneho o numero ng ID, kailangan mong ibigay ang huling apat na digit ng iyong Social Security Number (SSN). Kung wala ka ng alinmang uri ng ID, mangyari lang isulat ang "WALA" sa kahon.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya ng partido na iyon.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hinihiling mula sa iyo na sulatan ang kahon na ito. Tingnan ang listahan ng mga mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Pennsylvania kailangan na ikaw ay:
- isang mamamayan ng Estados Unidos na kahit man lamang isang buwan bago ang sumunod na halalan
- isang residente ng Pennsylvania at sa iyong distrito ng halalan ng kahit man lang 30 araw bago ang halalan
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan

**Address Pang-Koreo:**
Office of the Secretary of the Commonwealth
210 North Office Bldg.
Harrisburg, PA 17120-0029

Maaari ka rin magparehistro online sa register.votespa.com.

## Rhode Island

**Pinabago: 09-03-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Ang aplikante ay hinihiling na ipagkaloob ang kanilang driver's license sa Rhode Island o numero ng State ID kung ang aplikante ay binigyan ng kasalukuyan at balidong driver's license o State ID ng Rhode Island. Sa pagkakataon na ang aplikante ay hindi nabigyan ng pangkasalukuyan at balidong driver's license o State ID, kailangan nilang ibigay ang huling apat (4) na digit ng kanilang numero ng social security. Ang aplikante, na wala ng kahit isa sa mga ito, ay bibigyan ng bukod tanging nagpapakilalang numero ng Estado ng Rhode Island.
**7. Pinipiling Partido.** Sa Rhode Island, ang tao ay dapat magparehistro sa isang partido kung nais nilang sumali sa nasabing primaryang halalan ng partido. Ang taong nabigong magparehistro sa isang partido sa oras ng pagpaparehistro ay maaaring, kung nais nila, magparehistro sa partido sa araw ng primarya ng partido at sumali sa primaryang halalan ng partido. Kung ang isang tao ay hindi magparehistro sa isang partido,
maaari pa rin silang bumoto sa pangkalahatang halalan at walang pinapanigan (non partisan) na primaryang halalan.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Rhode Island, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente sa Rhode Island ng 30 araw bago ang sumunod na halalan
- kahit man lang 16 taong gulang (kailangan ay 18 taong gulang ka para makaboto)
- hindi kasalukuyang nakakulong sa bilangguan sanhi ng isang sentensya sa paglalabag sa batas
- hindi nahusgahan sa ilalim ng batas na kulang sa kakayahang pangkaisipan ng isang korte ng batas

**Address Pang-Koreo:**
Rhode Island State Board of Elections
50 Branch Ave.
Providence, RI 02904-2790

## South Carolina

**Pinabago: 05-01-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kailangan mong ibigay ang kahit man lang huling apat na digit ng iyong social security number. Maaari mong ibigay ang iyong kumpletong social security number ng kusang loob. Ang social security number ay hindi ipinapakita sa anumag ulat na ginagawa ng State Election Commission ni hindi ito ipinapalabas sa sinumang di awtorisadong indibiduwal. (South Carolina Title 7-5-170)
**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hinihiling mula sa iyo na sulatan ang kahon na ito. Ang iyong aplikasyon ay maaaring tanggihan kung nabigo mo itong gawin. Tingnan ang listahan ng mga mapagpipilian sa ilalim ng Mga Tagubilin sa Aplikasyon para sa Kahon 8 (sa pahina 2).
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa South Carolina, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan
- isang residente ng South Carolina, ng iyong county at presinto
- hindi makulong sa kahit na anong pampublikong bilangguan na sanhi ng isang hatol sa isang krimen
- hindi kailanman nahatulan para sa isang paglalabag sa batas o sala na laban sa mga batas ng halalan, o kung dating nahatulan, ay napagsilbihan ang iyong buong sentensya, kasama na ang probasyon o parole, o nakatanggap ng kapatawaran para sa sentensya.
- hindi napapasailalim sa kautusan ng korte na idinedeklara na ikaw ay walang kakayahang pangkaisipan

• angkinin ang address sa aplikasyon bilang ang iyong nag-iisang legal na tirahan at hindi nagpapahayag ng iba pang lugar bilang iyong legal na tirahan

**Address Pang-Koreo:**
State Election Commission
P.O. Box 5987
Columbia, SC 29250-5987

## South Dakota

**Pinabago: 10-10-2021**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 15 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Sinumang nagparehistro para makaboto ay magbibigay ng valid na numero ng driver's license sa South Dakota o numero ng ID ng nondriver sa South Dakota ng tao sa form ng pagpaparehistro ng botante. Kung walang valid na driver's license sa South Dakota o numero ng ID ng nondriver para sa South Dakota, ibibigay ng nabanggit na tao ang huling apat na digit ng social security number nito sa form ng pagrerehistro ng botante. Kung ang pinag-uusapan ay walang valid na driver's license sa South Dakota, numero ng ID ng nondriver para sa South Dakota, o social security number, ang tao ay maaari lang magparehistro sa county auditor's office at lalagda sa isang pahayag na nagpapatotoo sa katotohanan na ang tao ay walang valid na driver's license sa South Dakota, numero ng ID ng nondriver sa South Dakota, o social security number.
South Dakota Codified Law 12-4-5.4
**7. Pinipiling Partido.** Pinipiling Partido. Kung ikaw ay kasalukuyang nakarehistro para bumoto at iniwang blangko ang field para sa pinipiling partido, mananatili kang nakarehistro sa iyong kasalukuyang kaanib na partido. Kung ikaw ay di kasalukuyang nakarehistro para bumoto at iniwan mong blangko ang field para sa pinipiling partido, ikaw ay ilalagay bilang isang independiyente/walang kaanib na partido na botante, na hindi isang politikal na partido sa South Dakota.
South Dakota Codified Law 12-4-15, 12-6-26
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa South Dakota, kailangan na ikaw ay:
• Maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• Naninirahan sa South Dakota
• May edad na kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan
• Hindi kasalukuyang nagsisilbi sa isang sentensya para sa isang hatol sa paglabag sa batas na kinabibilangan ng pagkakakulong, nagawa na o nasuspinde, patungo sa isang pang-adulto na sistema ng bilangguan
• hindi natuklasan ng korte ng batas na walang kakayahang pangkaisipan ng South Dakota Codified Law 12-4-6,12-4-8,l2-l-9,l2-l-4,12-4-18, South Dakota Constitution, Article VII, Section 2

**Address Pang-Koreo:**
Elections, Secretary of State
500 E. Capitol
Pierre, SD 57501-5070

## Tennessee

**Pinabago: 05-01-2020**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Se requiere su número completo del Seguro Social, si tiene uno, para fines de identificación y para evitar duplicación de inscripción (TCA 2.2.116).
**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Opsyonal.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Tennessee, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• isang residente ng Tennessee
• may edad na kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan
• hindi nasentensyahan para sa isang paglalabag sa batas, pero kung nasentensyahan, ang pagiging karapat-dapat mo para magparehistro at bumoto ay depende sa krimen na naisakdal sa iyo at ang petsa ng iyong sentensya. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ito, tumawag sa 877-850-4959 o bisitahin ang https://sos.tn.gov/restoration. Kung ang iyong sentensya ay inalis, hindi ka makokonsidera na mayroong sentensya ng paglalabag sa batas.
• hindi nahusgahan na walang kakayahan ng isang korte na may mahalagang hurisdiksyon (o naipanumbalik sa legal na kakayahan)

**Address Pang-Koreo:**
Coordinator of Elections
Tennessee Tower, Seventh Floor
312 Rosa L. Parks Ave.
Nashville, TN 37243-1102

## Texas

**Pinabago: 03-01-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 30 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kinakailangan ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho upang magparehistro para makaboto Kung ikaw ay walang lisensya sa pagmamaneho, kahit man lamang ang huling apat na numero ng iyong social security ay kinakailangan. Kung wala ka ng kahit isa sa mga ito, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Estado.
**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido upang maging bahagi sa primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Texas, kailangan na ikaw ay:

• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• isang residente sa county kung saan ang aplikasyon para sa rehistrasyon ay ginawa
• may kahit man lang 17 taong gulang at 10 buwan (kailangan na ikaw ay may edad na 18 taong gulang upang bumoto)
• hindi nahusgahan para sa paglalabag sa batas, o kung isang nahatulang may sala, kailangan ay ganap mong nakumpleto ang iyong kaparusahan, kasama na ang pagkakakulong, parole, superbisyon, panahon ng probasyon o mapatawad.
• hindi nadeklara na walang kakayahang pangkaisipan ng huling paghuhusga ng isang korte ng batas

**Address Pang-Koreo:**
Office of the Secretary of State
Elections Division
P.O. Box 12060
Austin, TX 78711-2060

## Utah

**Pinabago: 09-19-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Maaaring mag-iba iba ang mga huling takdang araw:
**Koreo:** ang mga form sa rehistrasyon ay dapat may marka ng koreo o dili kaya'y namarkahan na natanggap ng Post Office ng 30 araw bago ang halalan.
**Personal:** ang mga form sa rehistrasyon ay maaaring iwanan sa tanggapan ng clerk ng county nang 7 araw bago ang halalan.
**Online:** ang mga pagrerehistro ay dapat isumite ng 7 araw bago ang halalan. Kailangan ang isang balidong driver's license sa Utah o balidong ID sa Utah.
**Parehong araw Mismo:** maaaring magparehistro ang mga botante sa maagang panahon ng botohan o sa Araw ng Halalan sa pamamagitan ng pagkukumpleto sa pansamantalang balota.

**6. Numero ng ID.** 6. Numero ng ID. Ang iyong nakumpletong form sa rehistrasyon ng botante ay dapat maglaman ng isa sa mga sumusunod: isang numero ng Driver's License sa Utah, ang numero ng ID sa Utah, o huling apat na digit ng iyong Social Security. Kung wala kang Driver's License sa Utah o ID sa estado ng Utah, mangyaring isulat ang "Wala" sa natalagang espasyo at isulat ang huling apat na digit ng iyong numero ng Social Security.
**7. Pinipiling Partido.** Hindi kinakailangan ang pagdedeklara ng isang partido upang makapagparehistro upang makaboto. Gayunman, pinapahintulutan ng batas sa halalan ng Utah na ang bawat partidong pulitikal ay pumili kung sino ang papahintulutan nitong bumoto sa halalang primarya nito. Kung wala kang kinaaaniban na partido, maaari kang pagbawalan na bumoto sa primarya.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Utah, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• nanirahan sa Utah sa loob ng 30 araw kaagad bago ang sumunod na halalan
• may kahit man lamang 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang sumunod na halalan (ang mga indibiduwal na may edad na 16 o 17 taong gulang ay maaaring maagang magparehistro para makaboto; kung ang isang 17 taong gulang ay magiging 18 taong gulang sa o bago ang darating na pangkalahatang halalan, maaari silang paunang magparehistro at bumoto sa primaryang halalan
• hindi isang nasentensyahang lumabag sa batas na kasalukuyang nakakulong para sa paglabag sa batas
• hindi nasentensyahan para sa pagtataksil sa bansa o krimen laban sa karapatang magsagawa ng halalan, maliban kung ipinanumbalik sa mga karapatang pantao
• hindi natuklasan ng korte ng batas na walang kakayahang pangkaisipan
• kasalukuyang naninirahan sa distrito kung saan boboto o sa presinto kung saan ka nagparehistro para makaboto

**Address Pang-Koreo:**
Office of the Lieutenant Governor
P.O. Box 142325
Salt Lake City, UT 84114

## Vermont

**Pinabago: 09-19-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon — Dapat natanggap ng tanggapan ng clerk ang iyong pinadala sa koreo na rehistrasyon sa huling araw na may mga oras ang clerk bago ang halalan. Ang Vermont ay may rehistrasyon ng botante sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan mismo ay pati na rin online na pagrerehistro ng botante. Para magparehistro online bumisita sa – https://olvr.sec.state.vt.us.

**6. Numero ng ID.** Kailangan mong ibigay ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa Vermont, o kung wala nito, ang huling 4 na numero ng iyong Social Security. Kung ikaw ay walang lisensya sa pangmaneho sa Vermont o numero ng Social Security, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Ang Kalihim ng Estado ay magtatalaga sa iyo ng isang bukod-tanging numero ng pagkakakilanlan.
**7. Pinipiling Partido.** Hindi hinihiling ng Vermont ang rehistrasyon sa partido upang makalahok sa kahit na anong halalan.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Hindi kailangan.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Vermont, kailangan na ikaw ay:
• maging isang mamamayan ng Estados Unidos
• isang residente ng Vermont
• may edad na 18 taong gulang sa pagsapit o bago ang araw ng halalan
• naisagawa ang sumusunod na Panunumpa: Iyong taimtim na isinusumpa (o pinatotohanan) na tuwing ikaw ay nagbibigay ng iyong boto o karapatang bumoto, na kinauugnayan ang paksa na hinggil sa estado ng Vermont, gagawin mo ito sa kaibuturan ng iyong kalooban, na hindi maghuhusga sa lubos na kabutihan ng nasabi, tulad ng itinatag sa Konstitusyon, ng walang takot o pabor sa kahit na sino [Sumpa ng Botante, Konstitusyon ng Vermont, Kapitolo II, Seksyon 42]
Sa pamamagitan ng paglalagda sa Kahon 9, iyong pinatotohanan na ikaw ay sumumpa at nagpatunay sa sumpa ng botante ng Vermont,tulad nang nakasaad sa itaas.

**Address Pang-Koreo:**
Office of the Secretary of State
Elections Division
128 State Street
Montpelier, VT 05633-1101

## Virginia

**Pinabago: 11-30-2011**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ibinigay 22 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kailangan ang pagkakaloob ng iyong buong numero ng Social Security. Ang numero ng iyong social security ay ipapakita sa mga ulat na ginawa lamang para sa opisyal na gamit ng rehistrasyon ng botante at mga opisyal ng halalan at, mga layunin ng pagpili ng hurado, ng mga korte. Artikulo II, §2, Konstitusyon ng Virginia (1971).
**7. Pinipiling Partido.** Hindi mo kailangang magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Virginia, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- maging isang naninirahan sa Virginia at ng presinto kung saan mo gustong bumoto
- may edad na 18 taong gulang sa susunod na Mayo o Nobyembre na pangkalahatang halalan
- hindi nasentensyahan para sa isang paglalabag sa batas o naipanumbalik ang iyong mga karapatang pantao
- hindi natuklasan ng korte ng batas na walang kakayahang pangkaisipan

**Address Pang-Koreo:**
Virginia State Board of Elections
1100 Bank Street, 1st floor
Richmond, VA 23219

## Washington

**Pinabago: 09-19-2019**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Ang mga online at ipinadala sa koreo na form sa rehistrasyon ay dapat matanggap ng isang opisyal sa halalan nang hindi hihigit sa 8 araw bago ang halalan. Magparehistro nang personal kahit anong oras habang oras ng may pasok sa trabaho at bago ang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

**6. Numero ng ID.** Kailangan mong ibigay ang numero ng iyong balidong lisensya sa pagmamaneho o numero ng ID card sa Washington. Kung wala kang driver's license o ID card sa Washington, kailangan mong ibigay ang huling apat na digit ng iyong Social Security. Kung hindi mo mabigay ang impormasyong ito, maaaring hindi matuloy ang pagproseso ng iyong rehistrasyon.
**7. Pinipiling Partido.** Hindi hinihiling mula sa iyo na magtalaga ng iyong kinaaaniban na partido upang magparehistro sa Washington.
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa Washington, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang legal na residente ng Estado ng Washington, ng iyong county at presinto ng 30 araw kaagad bago ang halalan kung saan mo nais bumoto
- may edad na kahit man lamang18 taong gulang sa Araw ng Halalan
- Kailangan mong maglista sa isang partido kung gusto mong bumoto sa pangunahing halalan o pulong ng partidong iyon.

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
Elections Division
P.O. Box 40229
Olympia, WA 98504-0229

## West Virginia

**Pinabago: 09-12-2006**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** 21 araw bago sumapit ang halalan.

**6. Numero ng ID.** Kinakailangan ang numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho upang magrehistro upang makaboto Kung ikaw ay walang lisensya sa pagmamaneho, kahit man lamang ang huling apat na numero ng iyong social security ay kinakailangan. Kung wala ka ng kahit isa sa mga ito, mangyari lamang na isulat ang "WALA" sa form. Isang bukod-tanging numero ang itatalaga ng Estado.
**7. Pinipiling Partido.** Kailangan mong magparehistro sa isang partido kung nais mong maging bahagi sa halalang primarya, pagpupulong, o kombensiyon ng partido (maliban kung iyong hilingin ang balota ng isang partido na nagpapahintulot na bumoto ang mga independiyente.)
**8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko.** Iwanang blangko.
**9. Lagda.** Upang magparehistro sa West Virginia, kailangan na ikaw ay:
- maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- nakatira sa West Virginia sa nakasaad na address sa itaas
- may edad na 18 taong gulang, o upang makaboto sa primarya ay may edad na 17 taong gulang at magiging 18 bago ang pangkalahatang halalan
- hindi sumasailalim sa paghahatol, probasyon, o parole para sa paglabag sa batas, pagtakwil sa bansa o panunuhol sa halalan
- hindi nahusgahan bilang "walang kakayahang pangkaisipan" sa isang korte ng hurisdiksyon

**Address Pang-Koreo:**
Secretary of State
Building 1, Suite 157-K
1900 Kanawha Blvd. East
Charleston, WV 25305-0770

## Wisconsin

**Pinabago: 09-20-2022**

**Huling araw na Inaasahan ang Rehistrasyon —** Dapat may marka ng koreo ng kahit man lamang 20 araw bago ang halalan o nakumpleto sa tanggapan ng bayan, village, o lungsod na clerk hanggang 5:00 pm ng Biyernes bago maganap ang halalan; o nakumpleto

sa pagbobotohan sa Araw ng Halalan. **Pinapahintulutan rin sa Wisconsin ang online na pagpaparehistro ng botante** – Bumisita sa https://myvote.wi.gov ng hanggang 20 araw bago ang halalan kung ang botante ay may kasalukuyan at may bisang driver's license sa Wisconsin o ipinalabas ng Estado na ID card.

**2. Address ng Tirahan.** Kasama ng iyong form para sa pagpaparehistro ng botante, kailangan mong magpadala ng katibayan ng paninirahan na dokumento na nakasulat ang iyong pangalan at apelyido at address ng tirahan, tulad ng isang kopya ng iyong kasalukuyan at balidong driver's license sa Wisconsin o ID card na ipinalabas ng Estado, real estate tax bill, singilin sa serbisyong pampubliko (utility) na hindi mas luma sa 90 araw, bank statement, paycheck o paystub, o isang tseke o dokumento na ipinalabas ng isang yunit ng gobyerno. Ang kumpletong listahan ay handang makuha sa http://elections.wi.gov.

**6. Numero ng ID.** Ibigay ang iyong may bisang driver's license sa Wisconsin o ipinalabas ng DOT na numero ng ID card. Kung wala kayong kasalukuyan at may bisang ipinalabas ng DOT na drivers license o ID card, ibigay ang huling 4 na digit ng iyong social security.

7. Pinipiling Partido. Hindi kailangan.

8. Grupo ng Lahi o Grupong Etniko. Hindi kailangan.

9. Lagda. Upang magparehistro sa Wisconsin, kailangan na ikaw ay:

- isang mamamayan ng Estados Unidos
- isang residente ng Wisconsin at nakatira sa address na nakarehistro ng kahit man lamang 10 araw
- may edad na kahit man lamang18 taong gulang
- hindi nahatulan ng pagtatakwil sa bansa, anumang krimen o gawaing ipinagbabawal o panunuhol, o kung nagawa ninyo ito, ang iyong mga karapatang sibil ay naipanumbalik makalipas na matapos ang iyong sentensya o nabigyan ng pardon
- hindi naipahayag ng korte na walang kakayanan na maunawaan ang layunin ng proseso ng halalan
- hindi gumawa o nakinabang sa isang pustahan na depende sa resulta ng isang halalan
- hindi bumoto sa iba pang lokasyon sa parehong halalan.

**Address Pang-Koreo:**
Ipadala ang iyong nakumpletong form ng rehistrasyon at isang kopya ng iyong katibayan sa paninirahan na dokumento sa tanggapan ng clerk ng munisipyo. Maaari mong makita ang iyong clerk ng munisipyo dito: https://myvote.wi.gov/en-US/MyMunicipalClerk

ßKung hindi mo makita ang address ng iyong clerk ng munisipyo, maaari mong ipadala sa koreo ito sa:

Wisconsin Elections Commission 201
West Washington Avenue,
Second Floor
P.O. Box 7984
Madison, WI 53707-7984

(Tala: ang mga application ay maaaring isauli sa Wisconsin Elections Commission na tanggapan sa address na nakalista sa itaas, ngunit para maiwasan ang mga posibleng pagkakaantala, pinapayuhan ka na isauli ang iyong nakumpletong application ng pagpaparehistro ng botante nang direkta sa tanggapan ng iyong clerk ng munisipyo.)